

# RIZAL

## CENTENNIAL BULLETIN

VOL. I NO. 11 JUNE 1961

N  
H  
I



003971

RC  
921  
R528c  
1961 v.1 no.11

3777





# RIZAL

## Centennial Bulletin

OFFICIAL PUBLICATION OF THE JOSE RIZAL NATIONAL CENTENNIAL COMMISSION



Vol. 1, No. 11

JUNE 19, 1961

MANILA, PHILIPPINES

P1.30

11  
921  
P338  
1961

MALACANANG  
RESIDENCE OF THE PRESIDENT  
OF THE PHILIPPINES  
MANILA

BY THE PRESIDENT OF THE PHILIPPINES

PROCLAMATION No. 750

CALLING A CONGRESS OF EDUCATORS ON JUNE 14-19, 1961  
IN THE CITY OF MANILA

In connection with the celebration of the first centenary of the birth of Jose Rizal, our national hero, I, CARLOS P. GARCIA, President of the Philippines, by virtue of the powers vested in me by law, do hereby call a Congress of Educators to convene in the City of Manila on June 14-19, 1961, to discuss Rizal and education.

IN WITNESS WHEREOF, I have hereunto set my hand and caused the seal of the Republic of the Philippines to be affixed.

Done in the City of Manila, this 4th day of May, in the year of our Lord, nineteen hundred and sixty-one, and of the Independence of the Philippines, the fifteenth.

(Sgd.) CARLOS P. GARCIA  
*President of the Philippines*

By the PRESIDENT:

(Sgd.) NATALIO P. CASTILLO  
*Executive Secretary*

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES

**Rizal National Centennial Commission**  
MANILA

CHAIRMAN

HON. JOSE E. ROMERO  
*Secretary of Education*

VICE-CHAIRMEN

HON. DOMINADOR R. AYTONA  
*Secretary of Finance*

DEAN SANTIAGO F. DE LA CRUZ  
*Supreme Commander, Order of the  
Knights of Rizal*

MEMBERS

HON. DECOROSO ROSALES  
*Chairman, Committee on Education  
of the Senate*

DR. BENIGNO ALDANA  
*Director of Public Schools*

HON. MANUEL S. ENVERGA  
*Chairman, Committee on Education  
of the House of Representatives*

DR. JESUS E. PERPINAN  
*Director of Private Schools*

MR. LUIS MONTILLA  
*Chairman, Philippine Historical  
Committee*

DR. VICENTE G. SINCO  
*President, University of the Philippines*

DR. EDUARDO QUISUMBING

HON. GERONIMA T. PECSON  
*Chairman, UNESCO National Commission  
of the Philippines*

DR. EUFRONIO M. ALIP

MR. VICENTE OROSA

MR. ERNESTO R. RODRIGUEZ, JR.  
*Director, Bureau of Public Libraries*

DR. JOSE P. BANTUC

DR. LEONCIO LOPEZ-RIZAL

EXECUTIVE STAFF

MR. LUIS MONTILLA  
*Director*

MR. V. G. SUAREZ  
*Assistant Director and Secretary*

# THE RIZAL CENTENNIAL BULLETIN M A N I L A

*Published under the authority of the Jose Rizal National Centennial Commission.  
Editorial Committee: Leopoldo R. Serrano, Magdalena B. Bautista, Enrique Paoli.*

## Table Of Contents

|                                                                                                              | <i>Page</i>        |
|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------|--------------------|
| 1. Presidential Proclamation No. 750 .....                                                                   | Inside Front Cover |
| 2. Officials of the Jose Rizal National Centennial Commission .....                                          | 1                  |
| <i>Wikang Pambansa</i>                                                                                       |                    |
| 3. Pangulong Tudling — Ang Tanny Na Maka-Rizal — LAD .....                                                   | 3                  |
| 4. Ang "Noli Me Tangere" Ni Rizal — Kuru-kuro — Propesor Fernando<br>Blumentritt .....                       | 5                  |
| 5. Liham Sa Kay Fr. José Rodriguez — P. Vicente Garcia .....                                                 | 21                 |
| 6. Ang Mga Paglalangkay — Laong Loan .....                                                                   | 27                 |
| 7. Sa Mga Bulaklak Sa Heidelberg — José Rizal .....                                                          | 32                 |
| 8. Dapitan — José Rizal .....                                                                                | 33                 |
| 9. Ang Aking Kinalalipitan — José Rizal .....                                                                | 37                 |
| <i>English</i>                                                                                               |                    |
| 10. Dr. José Rizal Today — Magdalena B. Bautista .....                                                       | 40                 |
| 11. Bishop Guerrero — (Editorial, <i>The Daily Mirror</i> , March 28, 1961) .....                            | 41                 |
| 12. Quezon's Message To Students .....                                                                       | 42                 |
| 13. Annual Report Of The José Rizal National Centennial Commission .....                                     | 43                 |
| 14. Dr. Rudolph Virchow Honored Rizal .....                                                                  | 48                 |
| 15. The Restoration Of The Rizal Home In Calamba — Juan F. Nakpil .....                                      | 49                 |
| 16. Doña Teodora Alonzo And Some Of Her Daughters And Granddaughters ..                                      | 51                 |
| 17. News In Pictures .....                                                                                   | 52                 |
| 18. Monthly Rizal Centennial Celebrations .....                                                              | 55                 |
| 19. List Of The Winning Contestants In The Essay Contest .....                                               | 58                 |
| 20. List Of Winners In The National And International Competitions .....                                     | 60                 |
| 21. June 19 Designated As Jose Rizal Centennial Day In Chicago .....                                         | 62                 |
| 22. Rizal As A Freemason Abroad — Austin Craig .....                                                         | 63                 |
| 23. Dr. José Rizal — Fritz Ullmer .....                                                                      | 65                 |
| 24. Letter Of Rizal To Pastor Ullmer — (Facsimile) .....                                                     | 66                 |
| 25. English Translation Of Rizal's Letter To Pastor Ullmer .....                                             | 68                 |
| 26. Through Education Our Motherland Receives Light — José Rizal .....                                       | 70                 |
| <i>Spanish</i>                                                                                               |                    |
| 27. Rizal — Enrique Paoli .....                                                                              | 72                 |
| 28. Discurso, 31 Diciembre 1891 (En <i>El Café Habanero</i> ) — José Rizal .....                             | 74                 |
| 29. Invocación A Rizal — Fernando Ma. Guerrero .....                                                         | 78                 |
| 30. 19 De Junio — Manuel Bernabé .....                                                                       | 78                 |
| 31. Rizal — Cecilio Apostol .....                                                                            | 79                 |
| 32. La Masonería — José Rizal .....                                                                          | 80                 |
| 33. Rizal El Hombre De Fuertes Convicciones — Luciano De La Rosa .....                                       | 84                 |
| 34. A Rizal — Vicente De Jesus .....                                                                         | 85                 |
| 35. Colegio Moderno — José Rizal .....                                                                       | 86                 |
| 36. Liga Filipina — José Rizal .....                                                                         | 88                 |
| 37. Facsimile De Una Carta De Taimis (Leonor Rivera) .....                                                   | 92                 |
| 38. El Amor Patrio — José Rizal .....                                                                        | 93                 |
| <i>Miscellaneous</i>                                                                                         |                    |
| 39. The "Last Farewell" Of Rizal In Sanskrit — Anu V. Raghavan .....                                         | 96                 |
| 40. Antimamamantman (Transliteration Of Rizal's "Last Farewell") — Juan R.<br>Francisco .....                | 100                |
| 41. Yung Chueh Tz'u ( <i>My Ultimate Adios</i> ) Translated Into Chinese — Lin Ts'ung.<br>— Ali Negoro ..... | 102                |
| 42. Selamat Tinggal — ( <i>Rizal's "Last Farewell"</i> ) Translated Into Indonesian<br>— Ali Negoro .....    | 104                |
| 43. Rizal In Heidelberg .....                                                                                | 111                |
| 44. Inauguration Ceremonies Of The National Library Building .....                                           | 112                |
| 45. Report On Collections — Rizal Centennial Fund .....                                                      | Inside Back Cover  |
| 46. Maria Clara's Song (Tugtugin) — L. A. Francisco .....                                                    | Outside Back Cover |

Portrait of Dr. Jose Rizal on cover—oil painting by Juan Luna in Paris 1891.

**R I Z A L****Centennial Bulletin****OFFICIAL PUBLICATION OF THE JOSE RIZAL NATIONAL CENTENNIAL  
COMMISSION***Pangulong Tudling:***ANG TUNAY NA MAKARIZAL**

**K**ASABAY HALOS ng paglabas ng bilang na ito ay ipagdiriwang at aalalahanin ng sambayanang pilipino ang ikasandaang taon ng pag-silang sa maliwanag ng pinakadakilang pinakamagiting na pilipino, si Dr. Jose Rizal. Kasabay rin ng pagdiriwang at pag-aalaalang ito'y makikita nati't masasaksihan ang nagsulpot-sulpot at nagpaparangya't namamayagpag na umano'y mga maka-Rizal, maka-Rizal sa salita, maka-Rizal sa balak, maka-Rizal sa sinusulat, maka-Rizal sa kilos, maka-Rizal sa kapisanang kinaaaniban at maka-Rizal sa mga kilusang ikatatanyag o ikatatampok nila. Datapuwa't nakalulungkot sabihing ang karamihan, kung di man ang lahat, ay nagbabalat-kayo lamang, iba ang sinasabi sa ginagawa at pagkakabisala pa'y kalaban o kasalungat ng mga aral at simulain ni Rizal ang kanilang ipinagtatanggol at pinaninindigan.

Marami at di-iilan lamang sa mga nagpapanggap na maka-Rizal na iyan ang napapailalim sa mga samahang ang mga tuntunin, aral at simulain ay kasalungat ng mga aral at simulain ni Rizal; alalaong baga'y yaong mga aral, mga tuntuni't simulaing binaka ni Rizal sa kanyang mga sinulat at mga ginawa ay siya ngayong ipinagsasanggalang at pinaninindigan ng mga samahang kinaaaniban ng ilang nagpapanggap at nagmamagaling na maka-Rizal. Ito'y maliwanag na nagpapakilalang ang pagmamaka-Rizal nila'y hindi tumitiim sa damdamin, hindi bukal sa isang matapat na pananalig sa dakilang bayaning pilipino, kundi pakitang-tao lamang at udyok ng mga kapakanang pansarili alang-alang sa kabutihan at kapakinabangang pansarili rin.

Ang hinihingi ng mga sandaling ito ng pagdiriwang at pag-aalaala sa panandaang taon ni Rizal ay isang masigasig, ganap, wagas at dalisay na pagtutuos ng kahalagahan ng mga aral, simulain at tuntuning ukol sa

bayan, sa lipunan at sa sariling pamumuhay, na parang mga butil ng gintong isinabog ni Rizal sa kanyang walang kamatayang sinulat na mga aklat at mga lathalain. Iluwag nating dayain ang ating sarili sa mga pakunwari't pakitang-laong pagmamahal kay Rizal. Ito'y isang kataksilan, hindi lamang sa bayaning taga-Kalamba, kundi kataksilan din sa bayan at sa atin-ating sarili.

Ang tunay na sumusunod sa mga aral at halimbawa ni Rizal ay hindi dapat makalimot sa mga uri ng tauhang nilikha ni Rizal sa kanyang walang kamatayang Noli at Fili. Unang-una'y dapat nating iwaksi't sumapin ang katulad ni Ginoong Pasta sa Fili, na hindi lumilingap sa kabutihan ng kapuwa, maliban sa kabutihan lamang ng kanyang sarili, kaya't nasabi kay Isaganiang: "...walang dapat hanapin ang tao sa ibabaw ng lupa kundi ang sarili niyang kagalingan...Kung kayo'y magiging Kihote ay hindi kayo makatatapos ng karera...Lalayan kayo ng lahat at mga kababayan din ninyo ang una-unang tatawa sa inyong kahangalan...Bibigyan ninyo ako ng matuwid kapag nagkauban nang katulad ng mga uban kong ito...." At ang katagang iyan ng abogado Pasta ay tila siya ring pinanununtan at pinanghahawakan ng maraming nagmamaka-Rizal ngayon sa paghanap ng kabutihan ng kanilang sarili, kahit na ang ganito'y maging pakitang-tao't isang pagpapakunwari lamang o maging kalaban ng kanilang budhi. Ngunit sa mga kababayang katulad niyan ay angkop na angkop namang iukol ang mga pangungusap na ito ni Isagani: "Kapag ako'y nagkaroon na ng mga ubang katulad niyan, at sa paglingon ko sa aking pinagdaanan ay makita kong pawang ukol lamang sa aking sarili ang aking nagawa....bawa't uban ay magiging tinik sa akin at sa halip na aking ikaligaya ay aking ikahihiya...."

Ang tunay na maka-Rizal ay hindi nga mauuri sa mga sinasabi't sinasalita, hindi sa mga sinusulat at itinatalumpati, hindi sa ipinagpaparangya't ikinikilos, kundi sa dinaramdam, ginagawa, at itinutupad sa mga aral at halimbawa ni Rizal. Hindi maaaring maging tunay na maka-Rizal yaong nananalig, sumusunod o nagtatanggol sa mga tuntunin, simulain at isipang binaka ni Rizal, at hindi rin maaaring maging tunay na maka-Rizal yaong bumubuhay sa diwa, ugali, layunin at isipan ng mga di-kanais-nais na uri ng mga tauhan ni Rizal sa kanyang Noli at Fili, katulad nina P. Damaso, Donya Victorina, Donya Consolacion, P. Salvi at iba pang naging malitim na batik sa dalawang makasaysayng nobelang iyon.

At higit sa lahat ay hindi maaaring maging tunay na maka-Rizal yaong mga kumakatig at nagbibigay-buhay sa mga pumupuwing sa mga isipa't aral ni Rizal laban sa bulag na pananampalataya at laban sa paghahasik ng maling pananalig, maging sinuman ang gumagawa nito at saan man ito ginagawa.

Ang kalayaan ng budhi ay siyang pinakamaningning na talâ ng mga aral ni Rizal. At ang unang ikasandaang taon ng kanyang buhay ay siyang unang kataastaasang baitang ng tagumpay na narating ng kanyang pagiging martir ng kalayaan ng Bayang Pilipino. — LAD

# ANG "NOLI ME TANGERE" NI RIZAL\*

Kuru-kuro ni Propesor F. Blumentritt

## PAUNAWA NG NAGPALATHALA

Barcelona, limbagang Iberika ni Francisco Posas, 1889, 38 p.

Sa kasalukuyang paglalaban ng bayang pilipinong uhaw sa ikatututo at ng ilang tiyak na uring may hangad na mapamalagi ang bayan sa kamangmangan, ay namagitan ang paham na maka-pilipino, ang Gurong austriyako na si G. Fernando Blumentritt. Hindi na natin kailangang isulat dito ang kanyang talambuhay na nalathala sa iba't ibang pahayagan sa Espanya, lalung-lalo na sa ang "Espanya sa Pilipinas". Lahat ng naghahangad na makatarok ng Heograpiya, Etnograpiya, at Linguwistika o ukol sa mga wika, lahat ng maka-Silanganin, lahat ng nag-uukol ng panahon para sa Pilipinas ay nakatikilala sa kanyang pangalang pinuri at pinarangalan sa bihasang daigdig ng Europa bilang bihasa. Gayunman, ang kuru-kurong ipinalathala ng Guro tungkol sa *Noli Me Tangere*, ay maaaring makapagpabangon ng pagtutol ng mga nagpapanggap na sila lamang ang mga tanging isinilang na hindi nagkakamali, mga puting tupang walong batik, sa dako ng mga nagpaparatang ng pagka-pilibustero sa lahat ng kalaban, at tumatawag na maka-erehe at protestante sa lahat ng kuru-kurong kalaban o naiiba sa kanila. At sila'y hindi maaaring magkamatuwid. Ang gurong si Blumentritt ay siyang marubdob na katolik, isang mapagpakumbabang anak ng Simbahang Romano, na kinikilala niyang tanging tunay, tanging tagapagligtas. Hindi rin siya matatawag na pilibustero, kahit na napakamura ng pangalang ito, sapagka't di-lamang siya nag-aangkin ng dugong-kastila kundi isang naninindang tagapagtanggol ng mga karapatan ng Espanya, mga karapatang ipinagsasanggalang sa lahat ng suliranin, sa mga nauukol sa Tawi-tawi at sa Karolinas, halim-

bawa, sa mga pahayagan, sa mga aklat, sa mga akdang pampanitikan, sa mga panayam, tbp., at ang lahat nang ito'y ginawa nang buong kainitang ipinaging marapat niyang magtamo ng marangal na gantimpala ng Pamahalaan ng Madrid, na nagkaloob din ng mga gantimpala sa mga di mabilang niyang akda sa Tanghalan ng Pilipinas. Kung ang ilan sa mga pangkat na nagkakalaban ay maaaring mag-alinlangan sa kawalan niya ng kinikilingan tungkol sa mga usapin o suliraning pilipino, ang mag-aalinlangang ito'y hindi maaaring ang nasa-panig ng sumasakop pagka't si Blumentritt ay napuno at nabusog sa pagbasa ng mga aklat na sinulat ng mga prayle at ng mga kastila upang ilarawan, ayon sa kanilang kaparaanan, ang bayan, at kung ang batayan sa paghatol ng pantas na guro ay di naging sawi ng mga kapinsalaan at mga paghamak, gaya ng dinanas ng marami pang iba, ay utang lamang sa kanyang malusog at karaniwang pang-unawa, at sa kanyang hangad na mapag-aralan nang buong katahimitan ang mga bagay-bagay.

Sa mga suliraning Pilipino, si Blumentritt ay nakabasa, di lamang ng lahat ng mga mangangathang kastila kundi gayundin, ng mga banyaga, na upang sabihin ang tutoo ay nagdudulot ng higit na katarungan sa mga naninirahan sa bayan, kaysa mga may tungkuring magtanggol at may tanging pananagutan sa maraming kasamaang-asal (bisyo) at kasiraan sa kasalukuyan niyang lagay. Sa kasamang-palad ay kakaunti lamang ang bilang ng mga aklat na nasusulat ng mga pilipino, at ang mga nalathala na'y ipinagbabawal pa.

\* Tingalog ng Lupon ng Wikang Pambansa ng JRNCC.



Prop. Fernando Blumentritt

### ANG "NOLI ME TANGERE" NI RIZAL

Sa malayong sulok na yaon ng Daigdig, na kilala sa ilalim ng katawagang Pilipinas, ay matatagpuan, kahit sa mga araw na ito, ang mga bagay-bagay sa isang kalagayang nakapaghahatid sa ating alaala ng mga pangyayari sa nangakalipas na dantaon. Ang pangasiwaan ng bayan, na ganap na "burocrático-militar," ay sumasailalim ng mga kapakanan ng makapangyarihang "monaquismo", o kapangyarihan ng mga pari. Sa kawalan ng kinatawan sa mga "Cortes" (batasang-bansa o parlamento) at sa kawalan ng kalayaan ng pahayagan, ay naging pangkaraniwan na ang mga pagmamalabis, at, katulad ng sa mga lalawigan ng matandang Roma, ang kabutihan o ang kasamaan ng bayan ay nasasalalay, hindi sa bisa ng mga batas, kundi sa pansariling uri ng bawa't kawani.

Gayunma'y huwag itanggi, na ang pangasiwa'y nakakatagpo ng mga balakid na gaya ng pagkakaiba-iba ng mga lahing nagsisipamayan sa mga pulo at ng pagkakaiba-iba ng mga antas ng kalinangan. Ang bahaging nangingibabaw sa kabayanan ay nasasaklaw ng lahing malayo na nahahati sa iba't ibang sangay, at sa mga yaon ay isasaalang-alang lamang natin para sa ating layon ang mga naging kristiyano na, na ang pinakamahalaga sa kanila'y ang lahing Tagalog.

Nakilala lamang ng mga kastila sa ilalim ng tawag na indiyang ang lahat ng malayong kristiyano at bihasa, katawagang

susundin natin sa ating pagsasalaysay upang tayo'y magkaunawaang mabuti.

Sa piling ng mga anim (6) na angaw na indiyang ay napaparam sa kahalagahan ang mga ibang pulutong ng mga kristiyang binubuo ng ilang libong kastilang pilipino, at ang kanilang mga mistiso, at ang mga daan-daang libong mistisong insik o mga sanglay o kaya'y ang mga anak ng insik at ng mga babaing indiyang; sapagka't dapat alamang ang marami sa mga una'y nagsipamayan na sa Pilipinas, at doo'y ginampanan nila ang tungkulin ng mga Iludyo sa Polonya.

Lahat ng mamamayang kristiyanong ito, mula sa mga unang araw ng pananakop ay napasa-ilalim ng kapangyarihan ng mga paring doo'y siyang nag-aangkin ng isang kapangyarihan at kabantugang di pa namamalas ni namalas sa alin mang ibang bayang Katoliko, ni kahit sa matatandang lupalop ng Simbahan, na di kinalasapan ng mga pari, sa mga mata ng bayan, ng isang paggalang at pag-aalang-alang na katulad ng sa kanila'y iginawad at iginagawad pa sa ilang bahagi ng Pilipinas. Ang pinakamalaking bahagi ng mga paring pilipino ay binubuo ng mga monghe (mga dominiko, agustino, rekoleto, at pransiskano) na pawang mga kastilang taga-Espanya, at ng ilang klerigo (mga taal na pilipino) na ang karamiha'y mga katulong lamang (coadjutores). Sa mga mongheng ito o mga prayle, na siyang katawagan sa kanila roon, ay nagkaroon ng malaking utang na loob ang mga pilipino at sa kanila'y dapat kilalanin: tinatangkilik sila ng mga bisig noon, laban sa mga kastilang nagtatangkang gumawa ng pagmamalabis na tulad ng nangyari sa Amerika hinggil sa pagbabahabag at sa paggawa sa mga mina. Hindi nasaksihan ng Pilipinas ang alin man sa mga kalupitang iyon, na sa pananakop sa Amerika'y natala sa mga pahinang natigmak ng dugô at luha at dito sa Pilipinas ang kapalarang ito'y utang sa mga prayle. Hindi nasiraang-dangal ang kanyang lupa ng kasumpa-sumpang pagpapasok ng pamilihan ng mga alipin at ito ay utang din sa mga prayle. At nang sa ilang panahong nakalipas, ang ilang Gobernador at mga Alkalde ay buong lihim na magsikap na pagsamantalahan ang mga indiyang sa kanilang mga kayamanan at ari-arian, ang mga prayle rin ang nag-

sipamagitang parang mga tagapagtanggol ng mga inaapi, at ang kanilang pakikialam na ito'y hindi nawalan ng halaga, sapagka't sa likuran ng bawa't prayle ay naroroon ang lahat ng ordeng sa kanila'y tumutulong.

Kamangha-mangha nga kaya, na, sa mga pangyayaring iyon ay matanghal ang mga prayle na parang panginoon ng bayan? Samantalang ang gayo'y nabubuo lamang sa pagganap ng kanilang misyong pagka-saserdote at tagatangkilik; ngayo'y wala nang dapat maging kulang. Ang mga mamamayan ay naging maligaya at kumilala ng utang na loob: humahalik sila ng kamay, di lamang sa pagpapakilala ng kaukulang paggalang, kundi upang makapagpatunay ng kanilang taos na pagpapasalamat.

Nguni't ay! Naghali-halili ang mga panahon. Samantalang ang Pilipinas na animo'y isang insik na kastilang sa pagkatakot sa pakikisama sa banyaga, ay nagpakahiwa-hiwalay at nagsitulog nang buong himbing, ang lahat ay nagpatuloy na payapa. Nguni't ang kilusang maaaring makalupig na rin sa Hapon at makalusob sa masaalamat na mga kuta ng Imperyong Mala-langit, ay hindi titigil sa harap ng insik na kastila. Maging ang mga adwana, maging ang mga prusisyon ay di nakapanakot sa pagkakasulong, iyang nakatakatok na banyaga, upang ituntong ang kanyang talampakan sa bayang iyon, na ayon sa karaniwang salawikaing kastila, at sa ibabaw ng lahat ng katotohana'y ni ang mga ibo'y hindi marunong umawit, ni ang mga babai'y walang pag-ibig, ni ang mga bulaklak ay walang bango. Dumating ang pag-unlad na kung tunay mang madalang ang hakbang, ay tiyak naman. Una'y binuksan ang Maynila sa pangangalakal ng banyaga: ginamit pagkatapos ang ibang mga daungan, at kasabay ng pangangalakal ay dumating ang mga bagong kaisipan para sa maganda at di-nakahandang bayan. Dahan-dahang umusad nang umusad ang mga kaisipan, subali't sa pagkakabukas ng kanal ng Swes, sa pagkakapasok ng Hapon sa kalinangan ng Europa, at sa pagyayao't dito ng mga sasakyang-dagat sa Pasipiko, ang Dulong-Silanganan na nasa-malayong sulok noon, ay nauwi sa isang masiglang dako ng tipanan ng mga di-mabilang na

hanay ng mga sasakyang-dagat na tagapagdala ng kalakal ng daigdig, kaya't sa gayo'y patuluyang nagningning ang liwanag sa Pilipinas.

Sa gayo'y di lamang ang mga kastila at mga mistiso kundi ang mga indiyos man naman, ay nagpasimulang gumising sa mahimbing na pagkakahimlay ng isip, na kinawilihan nila hanggang sa panahong iyon; at noon nadama ang pangangailangang mag-aral. Ang Klero na siyang may hawak ng lahat ng uri ng pagtuturo, ay naari sanang makapagsamantala, sa kanilang kapakinabangan, ng pananabik na ito sa pagkakatatuto, kung nabigyan nila ng pagbabago sa kapanahunan ang mga paaralang sekundaryo at ang Pamanatasan ng mga dominiko, at nasuring mabuti ang mga pangangailangan ng bagong panahon. Ang mga Hesuwita ay siya lamang tanging nakaunawa, sa pagbabalik sa Pilipinas, may 25 taon na ngayon, bilang mapayapang pagsunod sa kanilang orden, at sa gayo'y di kataka-takang magsidayo sa lalong mabubuting paaralan sa Espanya at sa iba't ibang bansa ang mga lalong uhaw sa karunungan, ang mga anak ng bayang lalong may kakayahang. Buhat sa mga dakong yao'y nagsisipagbalik sa kanilang tahanan taglay ang mga bagong kaisipan, at namamalas sa pamamagitan ng ibang mata ang kalagayan ng kanilang bayan. Dito sa Pilipinas ay pawang pamumuna at mga aguwasil; doon sa Espanya'y kalayaan at mga kaluwagan! Sa Espanya'y naging malalayang mamamayan sila; sa Pilipinas ay bumababa ang kanilang uri, at nangapapailalim. Ang naging likas na bunga ng gayon ay ang pangangailangang sikapin ng mga marurunong na pilipino na ang kanilang bayang nangangailangan, ay mapapaging-dapat na makahati sa mga biyayang ipinagkaloob ng Espanya sa kanyang mga anak. Gayunman, ang paunang pagsisiyasat o pagpuna (previa censura) ay nagbabawal ng malayang pagtatalo hinggil sa madlang pagkakasala at sa madalas na pagmamalabis na ginagawa ng ilang tauhan ng pamahalaan. At di lamang pinilit na patahimikin ang lahat, kundi napilitan pang duminig sa sakdal na pagtataksil sa Inambayan, sa bawa't makabayang nais na magpahayag ng ukol sa tahasang pagbabago ng kaparaanan sa pamamahala, sapul nang lumaya ang lupalop ng Amerika,

ang mga kastilang nasa-kanilang sakop na bayan ay nagpapalagay na parang nakakakita ng mga layunin sa paghiwalay, sa likod ng bawat kilusang tungo sa ipagkakamit ng kahuwagan.

Ang bayay's dumanas ng di-masabing kulungkutan nang maghinagsik ang mga kawal sa Kabite. Sa katotohanan, yao'y isang munting kaguluhan lamang na madaling naapula . . . sa tulong ng mga kawal na taal na pilipino. Gayunman, ang mga kastila'y nagsalob na ang pagbabangong ito'y isang nabigong hangad na ang Pilipinas ay makapagsarili. Ang likas na pag-iingat na ito ng mabubuting kastilang makabayan, na sa pinakabuod ay sapat na naging kapuri-puri ay ginamit ng mga prayle at ng mga kastilang may mga hangaring sukat pakinabangan sa pagpapantili ng matatandang kaparaanan sa pamamahala. Nadulutan sila ng pagbabangong ito ng isang angkop na pagkakataon upang paratangang mga pilibustero ang lahat ng pilipinong liberal; na anupa't itinuring ang pilibustero na isang taksil sa inambayan, at ang hinahangad ay ang katubusan ng isang bayang nasasakop ng Espanya, o kaya'y mahilig at may pagkiling sa gayong kaisipan.

Nabuksan noon ang isang panahon ng mga pag-uusig, at sa piling nito'y sumisipot na parang larung-bata, ang pagmamamnan sa mga demagogo (matimbot sa kapangyarihan) na nang kapanahunan niya'y nasaksihan ng Alemanya; ang panahong yao'y maihahambing lamang sa pamahalaan ng "Rey Bomba" (Haring Bomba) sa Napoles o kay Muravief sa Polonya. Maging ang klero't gayundin ang mga kastila sa Espanya ay gumamit ng panakot na ito ng pamahalaang kastila sa lahat ng simulaing pangkatubusan, sa pamamagitan ng sumbong na mga pilibustero. Sapat na ang mapagbintangang kahina-hinala, upang ipatapon sa Palawan, sa Balabak, sa Marianas, o sa ibang dakong malayo.

Dahil sa kaparaanang ito, ang di-kasiyahan ay lumaganap nang lumaganap dahil sa pagkakapagbigay sa di-kasiyahang ito ng anyong nakapangangatal sa isang nobelang sinulat ng dugong kanyang puso; dito nagliwanag ang katangian ni Rizal, may-akda ng Noli Me Tangere na pinag-uusig ng mga prayle sa Pilipinas, sa pamamagitan ng kasigasigan ginamit

nang panahong pinag-uusig ng mga kagawad ng Hukuman ng Inkisisyong ang mga aklat na pang-mangkukulan, ang Noli Me Tangere, at laban dito'y hindi lamang nangangaral ang mga prayle, kundi sumusulat pa ng mga mumunting aklat na sa babasa'y ipinangangakong pagkakalooban ng 80 araw na induhensiya.

Suriin natin sa malapitan, ang may-akda. Si Don Jose Rizal at Mercado ay anak ng isang marangal at iginagalang na may kabuhayan sa Kalamba, sa lalawigan ng Laguna (Luson). Kahit na napapaloob sa lahing tagalog, ang kanyang mukha'y may bakas pa rin ng pagkahapón. Lumipat sa Maynila't nasok sa "Ateneo Municipal," kolehiyo ng 2<sup>a</sup> enseñanza, na maningning na pinapatnugutan ng mga hesuwitas. Si Rizal ay naging isa sa mga kapaki-pakinabang na tinuturuan ng kolehiyong ito, na siyang pinakamabuti sa Pilipinas. Nang matapos sa pagkabatsilver, al lumipat sa Pamantasan ng mga Dominiko at nag-aral ng "metapisika" (Agham na tumatalakay sa mataaas na Karunungan) at nang mamalas ang napakakipot na kapaligirang doo'y idinudulot sa kanya, ay niyakap ang karunungan sa panggagamot. Pagkatapos ng mga ilang taon ay naglakbay na patungong Espanya, nang laban sa kalooban ng kanyang mga magulang, at sa Madrid, matapos ang tatlong baytang ay naging isang "Doctor en Medicina y Cirujia" at "Licenciado en Filosofía y Letras." Iniwan, pagkatapos ang Espanya upang makita ang Europa, at sa gayo'y nagpakaganap sa medicina, gayundin sa mga wika. Matagal na nanirahan sa Paris, at pagkatapos ay tumuloy sa Alemanya kahit na walang nalalaman sa alemán; ngunit sa loob ng labinlimang buwan ay nasakyan nang lubos sa pagsasalita at sa pagsulat, ang aming mahirap na wika. Nag-aral sa Heidelberg, Leipzig at Berlin. Nagiliw siya nang gayon na lamang sa Alemanya. "Dito, sa unang pagkakataon, ay natuto akong gumawa" ang madalas niyang nasasabi-sabi sa akin. Dito niya sinulat at ipinalatalha ang kanyang Noli Me Tangere na ating pag-uukulan nang taimtim na pagtalakay.

Ang layon ng may-akda ay mabigyan ng maliwanag na anyo ang mga pagmamalabis ng pangasiwaan, ang kapabayaang

kinaroroonan ng mga naparusahang politiko, na may matuwid man o wala ay ipinagsakdal sa di-makataong kabagsika't kalupitang ginagamit sa kanilang mga gawain ng mga mapag-imbot na mga prayle. Nararapat ilarawan, at sa katotohana'y inilarawan nga ang mga pagkukulang at mga pagmamalabis na ginawa ng mga nakapangyayari. Matatagpuan sa nobela na hindi lamang binanggit, hindi, kundi inilarawan pa rin ang lahat ng uring yaon na pawang kilala sa pangkaraniwang buhay ng Pilipinas, magbuhat sa mga mongheng mapaggawang-usap hanggang sa kawaning walang budhi, na lalong nakapipinsala sa inambayan kaysa libu-libong tulisang-dagat na moro at mga di-makabasag-pinggang pilibustero. Ang pagkalarawan ay hindi malabo, ang nangakakintal sa aklat ay mga larawan; mga larawang may mga orihinal na ang iba'y nabubuhay pa't maaaring kilalanin kahit na iba ang pangalan.

Madaling-madaling mapagkilala ng sinuman ang sigwang maaaring paha-gunutin ng nobelang ito sa mga kalipunang yaon ng mga pilipinong nakaramdam ng sakit ng sugat, yao'y isang pagbatô sa bahay ng panilan o pukyutan. Ang unang natagpuan ng "censura" o pagsisiyasat ay ang pagsasalang-alang at pagbibigay ng kuru-kurong may kalakip na pagpuna sa aklat ni Dr. Rizal, na iniukol sa iba't ibang gawaing pangrelihiyon ng mga katoliko, isang bagay na marahil ay lalong naging mabuting di na ginalaw. Gayunman, wala man yao'y hindi rin naman makaligtas ang aklat sa pagsisiyasat sa Maynila, sapagka't ang tungkuling pagsisiyasat ay nasa mga kamay ng isang prayle (ang agustinong si Fr. Salvador Font); sa isang salita'y ipinagkatiwala ang pagsisiyasat sa nobela sa isang kagawad ng kalipunang buong higpit na tinuligsa ng aklat. Dahil doo'y napakadaling hulaan kung ano ang kapalarang naghihintay sa kanya; ang nagsasakdal ay siya ring hukom ng nasasakdal, at mangyari pa, ang aklat ay naparusahan. Ang tagasiyasat ay nakatagpo sa akdang yaon ng mga tuligsa laban sa relihiyon ng Estado, sa pangasiwaan, sa mga hukuman. Sa Guwar-diya Sibil at sa karangalan ng Inambayan. Ngunit hindi ito ang ating hinahanap. pagka't ang pagkakaparusa sa aklat ay talagang sasapit, kung isasaalang-alang



Maximo Viola

*Ang mabait na kaibigan ni Rizal na gumastos sa pagpapalimbag ng NOLI.*

ang katangian ng sumiyasat. Ang kapanapanabik, ang lubhang kapanapanabik ay yaong bahagi ng kahatulang ipinamukha ni P. Font sa may-akda hinggil sa pagkakalagay sa Espanya, sa hulihan ng mga bansang banyaga, lalong-lalo na sa Alemanya, na tila mayroong higit na pagtingin.

Ang paghihingan ito ng poot at takot sa mga alemán ay walang iniwan sa nakatatawang pagtatanong ni Senador Vida sa pagpapasaring kay Dr. Rizal na ito'y matalik diumanong kaibigan ng Prinsipe Bismarck, at guro sa panggagamot sa isang Pamantasang alemán (pulong nang ika-11 ng Hunyo, 1888). Nasabi ko sa aking sarili, nang pagkatanggap ko ng aklat ay mabasa ko sa ibabaw ng pabalat ang "Berlin," na ang pangalang ito'y makapipinsala nang malaki sa akda kung hahatulan nang gayon sa Metropoli (Madrid) at gayundin sa Pilipinas; pagka't buhat nang mangyari ang kaguluhan sa mga pulô ng Karolinas, ay nagkaroon sa Espanya ng maraming kalipunang kasama sa lahat ng lapian, na kung sa pagkakalaban ng mga alemán ay nakikipagtimpalak sa mga pransés. At kung tunay mang sa mga ibang kastila ay di umiiral ang anumang poot, sapul noong 1885, gayunman, ang lahat ay naghihinala sa imperyong alemán. Sa kabila ng lahat, kailan may di ko napangarap na ang poot at hinalang

ito'y maaaring makapagpadilim nang gayon sa maliwanag na pagiisip ng isang taong may malawak na kaalaman, gaya ni P. Font (nguni't sa ganito'y maaaring kilalaning gayon) na di naghinalang ang naturang paghilinga'y darating sa pagsaklolo sa mga taong ayon sa kanilang lapia't mga isipan ay maghinutok o magsaya sa sumasagwang kamangmangan ng mga Samahang pangrelihiyon. Sa alin mang bahagi ng aklat ni Rizal (kahit sa pagitan ng mga talata lamang), ay di matutunghayan ang taksil na pagtatanging yaon sa Alemanya: si Rizal na nagsa-tagalog ng mga tula ni Schiller at ibang mga makata, ay umiibig sa mga kaugalian, sa paraan ng buhay at sa katapatan ng mga alemán. Ilinahangaan ni Rizal ang kaayusan at ang kawastuan ng pagtupad sa tungkulin ng mga tagapamahala ng mga imperyong alemán at austriako na nangang-uukol ng lahat ng lakas nila sa kagalingan ng bayang tinubuan. Si Rizal ay nalulugod sa tahimik at mahinling kasiglahang ipinaglingkod sa agham ng marurunong at paham na mga alemán. Itong-ito lamang ang sinasabi ni Rizal, at ito ang ibinubuhay ni P. Font, na parang isang krimen o kasalanang nagawa. Hindi ba nagpapakilala ng kakitiran ng noo ang gayong uri ng pagpaparatang? Talaga, hindi lamang ang pagkiling sa simulain ng mga alemán ang ipinagiging salarin ng may-akda ng Noli Me Tangere sang-ayon sa pananaw ni P. Font, pagka't sa kanyang ulat sa Kapitan General ay sinabi niya ang ganito: "Tangi sa pagtuligsa nang tuwiran, gaya ng namalas ng inyong kadakilaan, sa relihiyon ng Estado, sa mga samahan at mga taong kapita-pitagan sa kanilang hawak na tungkulin, ay nababalot pa ang aklat ng mga aral at simulaing banyaga." Kung susuriin dahil dito, ay tila lumalabas na si P. Font ay kabilang sa mga taong makitid ang isip na nagpapalagay na makatarungan at mabuti lamang ang sa bayan niya'y umiiral o doon inisip at nilikha; sa mga taong nagpapahalaga sa tiwalag at mapagsariling buhay ng insik kaysa malaya at walang hadlang na pagpapalitan ng mga isipan ng mga bayang makabago. Ang taong ito'y tila nabibilang sa mga bulag na apostol na yaon ng isang nagkukunwang makabayang (patriotero) pangkatutubo, na sa bawa't bansa'y namamalas sa sarili nilang kapa-

hamakan; sa mga politíkong yaong aninaw, payat ang puso, na napopoot at humahamak sa lahat ng nauukol sa banyaga, hindi dahil sa kasamaan, kundi sa pagiging banyaga lamang. Si Dr. Rizal, na kusang pumalapak at pumuring kaakibat ng kasiglahan ng isang marangal na puso at ng isang mataas na kaunawaan, sa lahat ng nakitang dakila at maganda sa ibang mga bayan, ay sadyang nararapat magdamdamin ng panghihinayang sa pagkakatappo ng isang tagasiyasat o tagapunang napakababa sa kanya sa diwa at sa kaalaman. Ang pagsisiyasat (censura) na ito, sa ganang mga banyaga ay puminsala sa karangalan ng mga agustinong nasa-Pilipinas, na, pagkatapos na makapaghandog ng mga napakabuting paghilingkod ukol sa mga araling pangkasaysayan, pang-heograpiya, pang-agham at pangwika ng bayan ay sinanay ang mga iba na makakita ng lalong mabubuting likha ng kanilang karunungan, kaysa mga pagpapakilalang ito ng isang namumuhi sa banyaga (extranjerofo). Subali't bayanan natin sa katahimikan ang sawimpalad na Paring ito.

Hindi lamang ang sensor (tagasiyasat) ang nagsaboy ng alikabok ng mga paratang laban sa aklat na ito, hindi; nakatagpo rin ang mga prayle ng napakaraming kakampi sa karamihan ng mga kastilang nakikipamayan sa kapuluan, at sa katunaya'y magiging ang matatanda (na nagtitira na roon buhat pa nang nakaraang mga taón) at gayundin ang mga bago (mga kastilang nananahanan sa Pilipinas). Dito ay tuwiran siyang pinaratangang nagnanais na matubós ang kapuluan sa inambayan, at tinagurian nilang Apostol ng poot laban sa lahat ng nakapagpapaalaala sa Espanya o may pangalang kastila. At ito'y dumatal sa isang hangganan na ang poot laban kay Rizal ay gumulo sa kaisipan ng mga kalaban nito. Si Senador Vida, na akin nang nabanggit ay dumating sa pagpapatutoong: "Ang nobelang iyan ay isang pangangaral laban sa katóliko: isang protestante! isang sosyalista!! at proudhonista!!!" Ito'y isa lamang sigaw ng isang bulag at panatikóng poot, dapat alaming walang taong may maliit na pagkakalala sa mga bagay-bagay na maaaring magbansag sa Noli Me Tangere na isang akdang protestante (patutunayan ito nang kay G. Vida): at ang tanging makapag-

pangiti ng lahat ng protestanteng Alemán sasabi lamang sa aklat, na sosyalista at proudhonista ay yaong di-nakakita nang anumang sa aklat ni sa pabalat man lamang nito. Wala na akong maisisipi pang ibang bagay kay G. Vida. Kaawa-awang Rizal, sa isang saglit ay ginawa kang kaibigan ni prinsipale Bismarck, protestante, sosyalista at proudhonista. Tagapaglingkod ng mga prinsipale at tagapaglangis! Maka-Lutero at Anarkista!

Hindi ko na ninanais na pagkaabalahan pa ang paratang na sosyalismo at proudhonismo kay Rizal; ang mga palutoong yaon ni Vida ay mga likhang di-kapani-paniwala. Ibig kong pag-ukulan ng ilang sandali ang paratang na pagka-protestante, upang gumawa ng ilang pag-sasaalang-alang, sa hangad na magpaliwanag sa mambabasa kung bakit sa Pilipinas ay pinangalanang protestante ang aklat na yaon, at kung bakit pinaratangan ng gayon ang may-akda, gayong siya'y isang katoliko. Tumira siya sa Alemanya, ang bayang sa mga paningin ng mga mangmang at mga kastilang may kalahati lamang na pagka-ilustrado, maging sa Espanya at sa kanyang mga nasasakop, ay isang lupain ng mga erehe; pagkatakapos, sa kanyang aklat, si Rizal ay nagpaliwala ng pagkalugod sa mga Aleman, na siyang nagpapatunay ng kanyang pagka-erehe; at sa katapusan ay pinuna niya ang mga gawaing pang-relihiyon at mga kagamitang pangkatoliko. Inuulit kong minsan pa ng dinaramdam kong si Rizal ay nagpasok sa kanyang aklat ng ilang palapagay na nauukol sa teolohiya, na nagbigay, sa gayon, ng sandata sa kanyang mga kaaway upang siya'y tuligsain.

Pagkaabalahan natin ngayon ang salitaan ukol sa kung ang Noli Me Tangere ay gamit lamang sa pagpapalaganap laban sa Espanya, bagaman mayroon na akong maiipakikita sa madla, na isang katipunan ng napakamahahalagang akdang maliwanag na nagpapatunay na si Rizal ay hindi sumusulat nang nalalaban, kundi ukol sa mga kapakanan ng Espanya.

Dito'y dapat kong tukuyin ang mga hirap na kinatitisan ng isang pilipino, lalo na ng isang indiyano, kailan ma't mangangahas na pumuna ng kahit na lalong maliit sa kasalukuyang kalagayan ng mga

bagay-bagay; sa gayon mauunawaang mabuti ang kaguluhang ibinunga ng Noli Me Tangere.

Ang mga kastila, buhat pa nang una (liban sa mararangal na pagtatangi) ay talagang pairap kung tumingin sa mga tao, na may lakip na pagpapawalang-halaga sa mga nasasakupan, at ang tutoo'y hindi sa mga may kulay lamang (pagka't may maitim ding europeong may dugong mahal) kundi pati sa kanilang mga mestiso, at gayundin, sa mga tunay mang kastilang inianak ng mga magulang na taga-Espanya at lumaki sa bayang sakop. Yaon din ang pagmamataas ng dating civis romanus (mamamayang romano) na sa hayaga'y nakapupukaw sa dandamin ng mga taga-lalawigan. Alam nang dahil sa ganitong paghamak sa mga karapatan ng kanilang mga kapatid sa Amerika, kung kaya nawala sa Espanya ang kanyang mga sakop sa malawak na lupalop ng Amerika. Sa ganitong malaking kasawian ng kanyang bansa ay walang nakuhang anumang aral kundi ang kabaligtaran: pukawin saan mang dako ibigin ang hangad na paglaya nang di dahil dito (sa Pilipinas man lamang) ay sikaping mapangasiwaan nang higit na mabuti kaysa ginawa nila sa Mehiko at sa Peru. Ang kakulangang ito ng kagandahang-loob, kailap ng malubhang di-pagtiwala, na ipinakikisama ng kastila sa Espanya sa kastilang pilipino, lalo na sa mestiso, ay nagpapahirap nang malaki para sa kanilang mga anak sa pagpasok sa larangan ng politika, kahit na sila ang bumubuo ng mga angkang may mga tanging karapatan, kung ilahambing sa mga indiyano at sa mga mestisong insik. Sa pagtalakay sa indiyano, ang salitaan ay lalong nagiging mahirap, gaya ng madaling mauunawaan. Bihiro ang kastila na di mababa ang pagtingin sa indiyano; bunsong kapatid ang tawag sa lalong mabubuti, at ang mabubuti, ay isang batang walang pananagutan sa kanyang ginagawa; gayunman, ang bahaging lalong marami, yaong mga mapag-sapalarang nagtutungo sa Pilipinas nang walang salapi upang doo'y magpayaman, ay sumusunod sa magagaang na palagay ni Quioquiap at ni C, sa isang sabi'y ipinalalagay na ang indiyano ay nakakatulad ng isang uri ng hayop o gaya ng nilikhang pinakahahanap ni Darwin, yaong uring nasa-pagitan ng tao at ng matsing,



*Si Charles Derbyshire at ang kanyang kapatid. Si Derbyshire ang nagsalin sa English ng mahahalagang isinulat ni Rizal.*

yaong katulad ng isang uring may apat na kamay.— Ang palagay na ito, katulad ng atin nang nabanggit, ay siyang lalong magaan, pagka't nagpapahintulot sa kastilang taga-Europa, na manakit at mag-samantala sa indiyo ayon sa kanilang nasà, at sa bagay na ito'y nakakasumpung sila ng maraming kakampi.

Ngayo'y kuruin ninyo kung anong palagay ang di mabubuo sa isip ng nakararaming kastilang taga-Espanya, kung kaginsa-ginsa'y may isang indiyong may pinag-aralan na mangahas na pumuna sa mga gawi't kaugaliang kastila? Ano? Isang indiyong ganyan, gaya ng isang bruto, isang hayop, isang kulisap, isang unggoy ang nangangahas na magsabi ng masama sa mga istitusyon ng kastila ng kanyang inambayan, isang indiyong magpapalalong gumawa ng pagsusuring pamuna, busog sa ikayayamot ng mga prayle at ng mga kawani tungkol sa kanyang kaasalang opisyal o moral! "Alalahanin ninyong ang lahat ng gawa ng mga prayle ay kumakatawan sa kanya, bilang isang taong nilalang ng tinanggihang big-

yan ng kalikasan ng kaariang maitaas ang kanyang sarili upang makapantay ng isang bihasang taga-Europa, at sa kabila nito'y mangangahas ang gayong likhang-tao na pumuna sa samahang dati nang umiiral sa Pilipinas sa loob ng tatlong dantaon?" Ganyan ang atungal sa loob ng dibdib ng prayle at ng kastilang taga-Espanya, hindi lamang ang kapalaluang kastila kung di gayundin naman, at lalung-lalo na ang pagmamataas ng mga taga-Europa na nananalig pa sa mga lumang kuwento ng matatandang babae na ang puti raw ay nilikha sa lalong mabuting lupa kaysa mga dilaw, kayumanggi o itim. Kung ipinalalagay nila na isang kawalang-bait, na ang isang indiyo ay mangahas na tumugaygay sa mga samahang lalong nakatataas sa lahi, ay huwag nang magsalita ng anumang, pag ang indiyo'y nangahas na dumako pa sa roon. Ang gayong indiyo, marahil, ay may sapat na kagusutan ng marami laban sa kanya, ng lahat ng naniniwala *bona o mala fide*, (sa mabuti o sa masamang pananalig) sa kababaan ng lahing malayo at sa kataasan ng puti. At ito'y maraming naipakikilala, pagka't kahit na ang mga taong napakatatalino'y hindi masisiyahan kung wala ang palagay na ito ng kataasan na nakapagpapatangos ng ilóng sa kanila gaya ng dinaranas ng ating aristokrasiya, sa paniniwala sa kanilang pagkadugong bughaw.

Idagdag pa rito na ang kastila'y walang katulad sa kadaliang tablan ng kati ng lahat ng puna ng banyaga o ng di kastila, kahit niya kilalanin ay di niya maaaring sang-ayunan ang pagka-makakatarungan ng tulgisa. Ito'y nagbubuhay sa buhay na pinagdaanan ng Espanya nang nagdaang ilang panahon, sapagka't dapat malamang maliban sa Portugal, ay walang bansa sa Europang nabuhay sa isang ganap na pagkakahiwalay o pagkakabukod na pangkatalinuhan. Ang Pransiya lamang ang nakapagpapasunod nang bahagya at nakahihikayat sa kastila; sa labas niya'y nasisiyahan na lamang sa kapisanan sa kanyang inambayan, na sa ganang kanya'y katimbang na ng buong daigdig, at sa gayo'y buong-buo na siyang nasisiyahan. Buhat sa muling pag-balik sa kapangyarihan ng sawimpalad at di-malilimot na Haring Alfonso XII, sapul

nang matatag ang samahang Heograpiko ng Madrid at ang Samahan ng Heograpyang Komersiyal, ang mga bagay-bagay ay tunay ngang umunlad, subalit ang kalamangan ng mga bagong tunguhing ito'y pakikibabang lamang ng sumisikat na kabataang marunong umunawa at magpahalaga sa mga yaon, na di katulad ng mga kastila sa Espanya, na, sa panahong ito'y gumaganap sa Pilipinas ng mga pangunahing tungkulin, at nangabibilang pa rin sa matandang paaralan. Ang mga ito'y lumaking binuhay ng matatanda't salin-saling kaugalian, na nagbabalita sa kanilang ang Espanya'y hindi lamang sa nakalipas na panahon naging kauna-unahang lakas sa daigdig, kundi siya pa ring kinikilala hangga ngayon: narinig ng mga taong ito buhat sa kanilang kamusmusan, na ang bayang kastila'y naging isang bansang marangal at matapang na higit na nangingibabaw sa lahat ng mga bansang banyaga. Ang gayon kalaking panghihinuha, kung ipipisan sa kawalang kaalaman sa mga bagay-bagay sa ibang bansa ay walang sadyang maidudulot sa kastila kundi ang kilalanin nilang walang mabuti at maganda lamang kundi ang sa Espanya at ang sa tinatawag na kastila. Sa gayo'y hindi nakapagtaka sa akin ang maraming bagay, dahil sa pagkaunawa ko sa pambansang kahinaanang ito. Sa pagsasaalang-alang sa di-ganap o di-tumpak na pambansang ito na nag-aangkin ng isang walang wawang pagmamataas na nakapipinsala lamang sa bayang iyon, ay nagpapakilala sa akin kung bakit ang mga kastila'y naiinis o sumasama ang loob, kapag ang bansang Espanya'y pinupuna o tinutuligsa, maging sa loob ng bansang iyon o sa mga sakop, maging ng Inglés, maging ng mga alemán, o mga pransés, bagaman ang pagtuligsa nitong huli'y pinagpapahaman nilang higit kaysa mga iba. Ipalagay nang sa paningin ng kastilang pangkaraniwan, ang indiyoy nasa-lalong mababang kalagayan kaysa kinalalagyan ng mga banyaga; (may ilang nag-aalinlangan, gaya ng sinabi na namin, sa kanyang dangal, sa pagkatao) at madaling mauunawaan kung ilan ang di-mabilang na kakampi ng gayong palagay, na di magkakaron ng masasamang-loob at ng makikitid ang noo, sa sandaling ipagsigawan nila ang pagbaka sa

isang indiyong nagpapalagay na maaaring punahin ang mga bagay-bagay sa Espanya. Sa gayon ko naipaliwanag sa pasimula pa lamang, kung bakit si Rizal, gayong siya'y isang indiyong lamang, ay naaring makahula na ang akda niya'y makakatagpo ng isang hukbo ng mga mahihigpit na kalaban kahit na doo'y hindi niya binanggit ang mga suliraning nauukol sa Teolohiya (karunungan ukol sa Diyos).

Mahuhulaan na ring ang kanyang akda'y ganap na kikalalanin at ipagsusumbong na isang aklat na laban sa mga kastila. Hindi ako humahanga sa pagkakaroon pa ng mga kastilang gayong ang kanilang pananaw ay lumalampas sa mga hangganan ng kanilang inambayan, ay makakatagpo pa sa Noli Me Tangere, ng isang poot na mala-Satanas laban sa Espanya, gaya nang di ko paghanga sa pagkakabasa sa mga aklat ng mga pransés, na ang mga alemán ay mga salbahe o mga magnanakaw ng relos. Magpapaliwanag ako; ninais ni Rizal na ilarawan sa kanyang Noli Me Tangere ang buntong ng mga samang sukat pagtiisan ng kanyang bayan sa kapangyarihan ng mga prayle at sa pagmamalabis ng mga kawani. At sinu-sino ang mga prayling ito? at sinu-sino ang mga kawani ng ito? At sinasagot; Una: mga kastilang nasa-Espanya (peninsulares), Ikalawa: mga kastila, Ikatlo: mga kastila. Dahil dito'y nailarawan niya ang mga kastilang umuugit nang di-wastong panamahala, kaya't tinawag ang kanyang aklat na kalaban ng kastila. Dito nagbuhat ang mga suplong.

Ang aklat ni Rizal ay kalaban ng kastila: Una at ikalawa, pagka't ang may-akda ay isang indiyong nangahas na magsabing lalong magaling ang mga samahang banyaga kaysa mga samahang kastila: at Ikalawa, pagka't el bete noire, ma itim na larawan o pinaka-bangungot ng kanyang nobela ay binubuo ng mga kastila, bagay na di-maliwasan maliban kung hindi sasalingin ang paksa ng Noli Me Tangere. Dapat idagdag dito ang tumpak na pagpapalagay ni Flaridel na isusumbong ng mga prayle sa pagka-pilibustero ang lahat ng indiyong ilustrado na maibigin sa pagkakasulong, at bawata't kastila'y nagnanasang pakislapin ang pagka-pilibustero sa likod ng bawata't ki-

los ng taal na pilipino. At itinatanong ko sa kastilang hindi pa naririmlan ng pag-isiip: Maaari bang puulan ang kala-gayang politiko ng Pilipinas nang di tutu-ligsain ang mga kastilang nasa-Espanya? At sa ganitong kadahilana'y dapat bang tumahimik ang panunuligsa? Isa bang kagalingan ang pananahimik ng mga pa-tay?

Isinakdal si Rizal, at ang ibinuhay ay mga bagay na nakapagpapahinala sa ku-ru-kuro ng mga nagsusumbong, o nagpa-palutoo man lamang ng kakulangan nila ng kahinahunan. Pinaratangan siya na lahat ng kastila sa kanyang aklat ay pa-wang pilyo, mapalibak, mapagawang-usap, masamang kaasalan, atbp., at ito'y pinagbatayang bilang pangunahing patu-toong ng pagka-laban-sa kastila ng aklat. Na ang karamihan sa mga tauhang kas-tila sa aklat ay hindi maaari ni dapat maging uliran ng kagandahang asal, ay napagkilala na sa mga layunin ng pau-nang salita ng aklat; gayunma'y may ma-raralang din sa mga kastilang anak sa Espanya na binabanggit sa *Noli Me Tan-gere*, katulad ng matandang tenyente ng Guwardiya Sibil, na sa simula pa lamang ay napagkilala na. At tanggapin na na-tang ang mga kastila ni Rizal ay pawang mga imbi, dahil ba rito'y magiging kala-ban na ng kastila ang aklat na sinulat nang taglay ang maalab na pagka-maka-bayan, upang pukawin ang kalooban ng mga taga pamahala hinggil sa kanser na ngumangatngat sa puso ng bayan? Hin-di ba nagkaroon, at wala bang kabulukan sa Pilipinas? Bakit pinupuri nang gayon na lamang ang kasalukuyang Kapitan Heneral Weyler? Bakit? Pagka't ibig nang ilugso nito ang sama: dapat ba akong bumanggit ng mga pangalan? Hindi ko ibig magla na maruruming damit. May sapat ngang katuwiran si Rizal upan ilarawan sa *Noli Me Tangere*, ang kaitiman, ang kaitiman! Subali't ka-tawa-tawa o kalait-lait ang siya'y ipala-gay na napopoot sa mga kastila, dahil lamang na siya'y indiyong o sapagka't ipina-lalagay ang lahat ng kastila na mga imbi. At hindi ako lamang, kundi ang lahat ng mga kagalang-galang na marurunong at manunulat ng Pransiya, Inglatera, Ale-manya, Austriya at Italya na nakaurali't nakasama ni Rizal, alam naming mabuti, gaya rin ng di-mabilang niyang mga ka-

ibigang kastila't pilipino, na ang kanyang puso'y hindi nagkikimkim ng kahit ga-bahid na poot ukol sa lahi. Iniibig niya ang lahat ng kastilang sa katotohana'y marangal at matapang, gaya rin ng kan-yang pagkapoot at paghamak sa lahat ng mapaniil, sa lahat ng mga alisaga, sa la-hat ng nakalilimot sa tungkulin, kahit na siya'y isang kastila, isang indiyong, itim o taga-Papuwa. Hindi siya tumitingin sa kulay ng balat ni sa pagkakaiba ng wika, kundi sa katangian ng tao. Ito ba ang ipinagiging kalaban ng kastila? Hindi ba ito ang sa magandang sabi'y.... pag-papaging-kastila sa kahulugang nababa-tay sa karangalang angkin ng bansa? Ang kanyang di-pagkakaroong ng kaganda-hang-loob para sa mga prayle ay alam niya kung bakit, at ito'y ipinaliliwanag ng kasalukuyang mga pangyayaring tina-tawid ng kanyang bayan at ng kanyang sarili, nguni't kailan ma'y hindi siya na-giging kalaban ng pagka-kastila.

May paniniwala akong kung si Rizal ay naging "peninsular (taga-Espanya) ang kanyang *Noli Me Tangere* ay di sana nakabunggo ng gayong napakaraming ka-away. At kung hindi, ay tingnan natin ang nangyayari sa Pransiya. Doo'y ini-larawan ni Zola (Emilio) ang kanyang mga pranses nang higit sa kasamaang ginawa ni Rizal sa mga kastila sa Es-panya. Sa Nana, maliban sa isang ta-ninging ginang, ang lahat ng tauha'y pa-wang mahahalay at bulok, at gayunman, si Zola'y walang hinangad sa pagsulat ng nobela, hindi ang makalibang sa magu-long pulutong ng mga mapag-usisang du-maragsa sa mga salon, kundi ang iharap sa bayang pranses ang isang salaming kamamascian ng kanyang wasak-wasak na kaugalian. Kinamuhian ba dahil dito, si Zola, sa Pransiya? Pinalayas ba dahil dito si Zola, sa kanyang bayan, gaya ng ginawa kay Rizal? Dahil ba rito'y ipi-nagsigawan ng mga pranses na siya'y prusiyano o kaaway na mapanganib ng Pransiya? Hindi, at sa halip niya'y pina-rarangalan pa nga siya ng mga pranses, bilang isa sa kanilang lalong dakilang no-belista, ipinagmamalaki ang kanyang pa-ngalan at di malalao'y yuyukuran siya't papalangkapan sa Akademya, gayong kung hahatulan, batay sa kanyang mga nobela, ang Pransiya'y walang iba kundi isang bahay ng masasamang babae, isang pa-

raiso ng mga kapula-pulang palaboy. Kasawian ni Rizal ang pagkakasilang sa maliwanag sa isang pulong-kastila at isa pang indiyó! Ito ang kanyang pangunahing kasalanan!

At mayroon pa akong ibig banggiting nagbibigay katangian sa kalagayan ng Pilipinas. Halos bago pa lamang natalos sa kapuluan ang aking balak na pagsasalin sa wikang alemán ng **Noli Me Tangere**, ay tumanggap na ako ng sulat sa mga kaibigang pilipino at kastila, na sa aki'y nakikiusap na huwag kong ipagpatuloy ang aking balak. At bakit? Sapagka't ang mga pilipino'y natatakot na ako, akong sa tuwi-tuwina'y nakipagtunggali alang-alang sa karangalan at kabuuan ng Espanya, angkin ang kapusukan ng isang makabayan, ay magkaroon ng pangalang pilibustero, dahil lamang sa pangyayaring isinalin ko sa alemán ang **Noli Me Tangere**, bagay na maaaring maging mapanganib para sa aking mga kaibigang pilipino, sa pagka't ang pilibustero kundi gayundin ang mga kaibigan nito.

Ako'y napahalakhak nang tanggapin ko ang kauna-unahan sa mga sulat na ito. Ako, na pinakamatapat na kapanig ng "Reyna Regente" (Reynang nasa-kapang-yarihan), ng kanyang kulang-palad na asawa at ng batang haring walang malay, ako, na sa salita at sa pagsulat, ay nagtanggol sa dangal at sa watawat ng Espanya, ako...maging pilibustero! Ito, para sa akin ay labis na kahangalan! Gayunman, nang mahinay kong mapagku-ro ang bagay na iyon ay di ko na itinuring na napakalabis ang mga pangamba ng mga kaibigan kong pilipino; sa ibabaw ng lahat, pagka't ang makapagbubuhay lamang sa akin ng pagka-pilibustero ay ang mga bulag at walang kaya dahil sa kasamaan at kahangalan, ay magpapatuloy ako sa landas kong binabalak, pagka't kailanman sa buhay ko'y di ko inalumana ni ang tulong, ni ang poot ng mga bulag at mga hangal, ni hindi ako mag-iingat man lamang sa kanila, sa hinaharap.

Sa kabilang dako'y ano ang pinagsasabi ng mga kaibigang kastila sa Espanya? Pinakikiusapan akong huwag ko nang ilathala ang aklat sa wikang alemán, upang huwag mapag-unawa ang kanyang laman, sa Austriya, ni sa Alemanya, at

upangding huwag mawala sa akin ang pakikipagtalik na di mamakailan kong nata-mo sa Espanya. Ang pananalitang ito'y nakapagpapisip ng malalim at ang pakiusap na ito'y ganap na nagsasaad ng pagkiling sa **Noli Me Tangere**, sapagka't sa mga pakiusap na itong dumating sa akin buhat sa iba't ibang dako'y mahihinuha ang isang buntong ng mga kahanga-hangang pagsasaalang-alang.

Sa madaling sabi'y nahihinuha ko buhat doon na ang malaking bahagi ng mga kastila sa Espanya ay wala ni ng pinakamaliit na kutob ng loob na sa bansang banyaga'y kilalang-kilala ang kalagayan ng Pilipinas. Bakit ang nakikiusap na iyan, na sa di mapag-aalinaanang udyok ng isang tapat na damdamang makabayan, ay nakikiusap sa aking talikdan ko ang pagsasaling-wika sa akda, sapagka't nangangambang baka dahil sa **Noli Me Tangere** ay mabunyang sa Austriya at sa Alemanya ang kaimbihan ng paghahari ng mga pari o mga monghe at pagka-mapagmataas ng pangasiwaan sa Pilipinas? Gayon may ipinagunita ko sa aking mga kaibigang ito na ang mga alemán, sa pag-aaral ng ukol sa Pilipinas, ay bumabasa, hindi lamang ng mga akdang alemán, kundi ng mga kastila, pransés, inglés, at olandés, at sa napakayamang aklatang ito ay may mga sumbong at paratang laban sa mga prayle at mga kawani, at sa piling ng mga ito'y lumalabas na ang **Noli Me Tangere** ay siyang tagapagtanggol ng mala-amang pamahalaan. Ang pagkakalathala ng aklat ay wala ring maituturong anumang sa mga alemán, at pinangangahasang ko pang maniwala (sa pagkakailala, gaya ng pagkakailala sa buong Europa, ng kawalan ng wastong pamamahala sa Pilipinas, na buong pusong dinamdam ng lahat ng kaibigan sa Espanya) pinangangahasang ko pang maniwala, inuulit ko, na ang **Noli Me Tangere** ay maaaring makapaglingkod lamang sa mabuting pangalan ng pananakop ng Espanya, sapagka't ang akdang ito'y nagpapatunay na ang kabihasnang yaon ay nagluwal ng mga bunga, dahil sa nag-udyok sa isang bata at marangal na anak ng bayan, ng pagkamuhing yaon sa kasamaang-asal na napamamalas sa ilalim ng anumang anyo, kilos o balat-kayo, pagkamuhing di-mapag-aa-

linlanganang siyang tiyak na tatak ng isang kabutihang-asal at kabihasnang ganap na ganap.

Sa gayon naihapay ang pangunahing matuwid para sa maaga at di napapanahong pagpigil sa aking pagsasalungwika, na sa kasamaang-palad ay hindi pa natatapos. Datapwa't bukod sa rito'y ibig kong ipatalastas sa mga kaginooan na ang Noli Me Tangere ay isang aklat na kilala na sa Alemanya. Hindi lamang ang Kapisanang Heograpiko sa Berlin ang tumukoy at tumalakay sa aklat buhat nang ito'y isilang sa maliwanag, kundi gayundin ang Gasetang Kolonya, sa mga di pa nalalaunang mga araw, noong ika-26 ng Nobyembre, 1888; ang Gasetang Hilaga ng Alemanya, dalawa o tatlong araw pagkatapos, at ang *Dresdener Anzeiger* noong ika-3 ng Disyembre. Ang mga aleman ay siyang tiyak at higit na nakatatalos ng kalagayan ng Pilipinas.

Nguni't sa pakiusap na ito'y may ibang bagay pang mahihinuha: mahihinuha ang tahimik at taimtim na pagtatapat na ang mga bagay-bagay na tunay na matatagpuan ay yaong gaya ng mga inilalarawan ng may-akda ng Noli Me Tangere. At bakit, kung di nga gayon, ang may pangambang pananabik na mapatahimik ang nobela? Bakit hindi tinututulan ang may-akda? Bakit siya nilalait lamang at isinusumbong sa salang pagka-pilibustero? Sa lahat ng mga kasulatang ipinadala laban kay Rizal, ay wala akong natunghayang anumang pagsalansang, sa bagay na, katulad ng isang kidlat na natitigmak ng dugo ay makapagbibigay kulay sa buong nobela, at magagamit na pinakapaksa nito.

*Ang taal na anak ng bayang nakalikha ng poot ng mga prayle, ay naroon ng walang tangkilik at walang karapatan, sa dahilang ang pamahalaan ay isang bisig lamang na tagapagpaganap ng monagismo (simulang pangmonghe) na ang mga kapakanan ng kanyang orden ay ipinaiibabaw sa mga kapakanan ng Estado.*

Habang tinutugon ng kata-kataga ni Plaridel, na tagapagtanggol ni Rizal, ang mga paratang na pagka-pilibustero, ang mga mapanira ay nagsasayang lamang ng panahon sa mga malalabo at walang kabuluhang mga paratang. Hindi ko na ibig

paggugulan pa ng panahon ang munting aklat ni P. Fr. Rodriguez, sapagka't ang bawa't katagang iniukol kay Rizal ay isang kasalulaan lamang: ibig ko lamang ipainawa sa mga manbabasag aleman ang sumusunod, upang malaman nilang si Rizal ay lumalaban sa mga katunggaling walang dangal: "Ang Fr. Jose Rodriguez na ito ay nagbabalita sa mga hangal lamang (sapagka't para sa mga hangal lamang siya sumusulat) na ang "Noli Me Tangere", sa lahat ng kanyang pahina, ay nagpapakilala ng lalong magaspang na kamangmangan sa mga alituntunin ng panitikan"; ito, gayuman, ay isang kasinungalingan at nagpapatunay lamang ng tunggag na poot ng pari, dapat alaming kahit na ipatalastas nang buong galak ng mga kalaban ni Rizal ang ilang matitigas na pangungusap ng nobela, ang mga natitira sa gayon, ay nasakatayugang wasto na di mapagkakaitan ng pagkilala sa kanyang di-pangkaraniwang kahulugang pampolitika at pampanitikan.

Nguni't narito pa; hindi lamang natagpuan sa Noli Me Tangere, na ang elementong kastila ay inilarawang nakukulayan ng itim, kundi gayundin, nadamang ang indiyong nasa-akda ay ginawang mga huwarang nilalang, at sa gayon, pinatangang parang isang pagkukulang. Ito'y hindi nangangailangan ng pagtatanggol, sapagka't namamalas kong likas at tumapak na iharap ni Rizal ang mga kababayan niyang minamahal, sa ilalim ng gayong kaanyuang ipinalalagay niyang siyang lalong matuwid. At hanggang sa inaakala kong yao'y tungkulin niyang iharap sa ilalim ng isang pinakamabuting liwanag na hangga ngayo'y ating nakikita, kaysa nang tayo'y ilarawan nina Cañamaque at Quiloquiap. Ang huling ito, gaya ng nasabi na namin, ay hindi kumilala kailan man sa pagiging tao ng indiyoy; Si Cañamaque ay nagsaad, iyo'y parang isang batang maaaring pamahalaan lamang, sa pamamagitan ng mga palo. Kinilala ni Rizal na ang kanyang mga kababaya'y kasimbuti ng mga kastila, ng mga manlalakbay at mga manunulat na banyaga, at nangangahas pa akong maniwala na ang mga iyo'y kinikilala niyang higit na mabuti kaysa lahat ng kastila, aleman, pranses at ingles kung ang mga ito'y pagsasama-samahin.

Subali't dito'y nagpapakilala rin naman na ang mga kaaway ay binulag ng poot, sapagka't ang kanilang mga tudla'y tumataas sa ibabaw ng pinatatamaan at nagpapakilala pa ring ang nobela'y bina-sa lamang nila nang sila'y nakasalamin ng may tatak Quioquiap at C. Dahil sa pangyayaring sa nobela'y ipinamalas ang ilang mabubuti, mararangal at walang pag-iimbot na mga indiyoy, atbp., ang Matatanda at mga Bago ay nangagbubulag ng: "Oh, ang pilibustero!; ang mga kastila'y inilalarawang may kulay na itim at ang mga indiyoy may kulay na puti at rosas". Sa pagdinig sa kanila'y ipalalagay na ang mga indiyoy sa **Noli Me Tangere** ay pawang mga anghel at mga serapin; bagay na hindi tutoo, pagka't ini-harap sa atin ni Rizal, buhat sa kalipunan na rin ng mga indiyoy, ang isang kawan ng mga mapagkukunwari, mga piloy, mga mapamahiing kapatid sa kurdon, mga tahir, at iba pang tauhang kauri ng mga yaon, na anupa't kung ang mga indiyoy magiging marandaming gaya rin ng mga kastila sa Espanya ay di malayong magkamalatan din sa pagsigaw laban sa mayakda. Dahil dito'y ang mga nagbubuhay ng kasalanan sa kanya, na, ang mga tauhang kastila (sa Noli) ay di makapagparangal sa bansa, ay dapat din namang magpahayag, alang-alang sa katarungan, na ang mga taal na anak ng bayang pilipino sa **Noli Me Tangere**, ay pinaglutitan din ni Rizal.

Hindi ko na tutukuyin ang mga tulig-sa at mga katangian ng ilang tauhan ng nobelang itong napakasagana sa mga kahanga-hanga't madudulang mga tagpo; gayunma'y dapat ding alamin kung paano hinanap sa kabila ng balatkayo ng mga tauhan ng nobela ang orihinal na naging huwaran, isa pang patunay ng pagka-matapat ng kanyang pagkakalarawan, gaya ng nagpapatutoo rin naman ng isang mapusok na kalaban ni Rizal: mga tauhang masasabing tunay na buhay, at siyang mga kapoot-poot (na sadyang pini-li); at ang mga tau-tauhan lamang, na gaya ng lahat ng indiyoy, (katulad ng mga sinabi naming hindi tutoo) ay siyang naging kalugud-lugod at mala-makata pa.

Sa maraming sulat ay idinaraing sa akin ngayon na bawa't mag-aaral na pilipino ay nag-aangkin ng isang **Noli Me**



Si Dr. Trinidad Pardo de Tavera.  
*Ipinagtanggol niya si Rizal kay Fr. Fawura tungkol sa Noli.*

Tangere, at sa katunaya'y pinaghahanap at binibili ng mga taong ilustrado sa bayan, sa ibabaw ng mabibigat na parusang pangkataan at pangkaluluwa na ibinabalang ipapataw sa bawa't nag-aari. Tunay na hindi ko maunawaan ang mga dating na ito. Bakit nila sinamsam kung gayon, ang aklat at ginising ang kaloo-ban ng lahat ukol doon? Kung ang mga kastila'y nagpapatatag, hindi lamang laban sa mga indiyoy kundi gayundin sa mga mestiso at sa mga kastilang pilipino na di nangagbabasa ng lumang aklat, saan nga kaya nagbubuhay ang malaking pananabik sa nobela? Hindi kaya maaaring nadaya ang mga kastila sa Espanya hinggil sa katamaran ng mga Pilipino?

May isang bagay na hindi na kailangang pagtalan, at ito'y ang katotohanang walang alinmang aklat na pinakapag-usig ng gayon na lamang sa Pilipinas, na gaya ng **Noli Me Tangere**. Sa lahat ng dako'y pinag-uusig ang kanyang paglaganap at hindi bihira ang mga pagririkisang panggabi na ginagawa dahil sa layuning ito. Ang lahat nang ito'y nakatutulong lamang sa pagpapadakila sa kahulugan ng aklat: at ang walang tigil na pag-uusig na ito'y walang humpay na nakapagpaparami ng mga bagong mambabasa. Nangabubulag na ang kanyang mga kaaway; ang mga prayle na rin ang lalong nagpapalaganap, bagay na dapat kilalanin

at pasalamatan sa kanila ni Rizal. At kung paanong si Quioquiap ay isang buhat na hindi nagkukusang kinatawan ng pagka-pilibustero, na di man niya nalalaman ay nakpangangalap ng mga kapanig, sa pamamagitan ng kanyang walang habas na panlalait sa mga indiyos, gayundin naman, sa pamamagitan ng ganitong mga kaparamang pang-inkisisyon ay pinalalawak ng mga prayle ang bisa at layunin ng aklat, nang laban sa kanilang kaloo-ban. Sa ngayon, ang *Noli Me Tangere* ay nakikilala na't binabasa sa lahat ng dako ng kapuluhan, buhat sa Batanes hanggang sa sinapupunan ng Dabaw.


At mayroon pa! Alinsunod sa ulat ni P. Font, ang Pamahalaan sa Pananakop ay nagbawal sa aklat ni Rizal at sa pagpapalaganap sa kanya, sa ilalim ng mabigat na kaparusahan, dahil sa pagiging mapanganib laban sa Estado (laban sa Espanya) at dahil sa mga tuligsa laban sa Simbahan.

Ngayon; nagpasabi sa akin ang isang kaaway ni Rizal, na anyay ibig niyang sumulat upang tuligsain ang aklat sa pagiging kalaban ng Espanya, nguni't ang kanyang munting aklat ay ipamahahagi sa Espanya. sapagka't hindi pahihintulutan iyon sa Pilipinas! Ipinagbabawal nga ba sa Pilipinas ang pagtuligsa sa isang aklat na pinarusahan sa pagiging mapanganib para sa Estado? Nawalan ng say-say ang aking pagpapagod sa paghanap ng isang kapuripuring matuwid hinggil sa kakaibang pagbabawal na ito. Ang masasabi ko'y kung tunay ngang ang nobela ni Rizal ay sadyang kalaban ng Espanya, gaya ng inilalarawan ng kanyang mga kaaway, kung gayo'y lahat ng mga tumutuligsa at sumasalansang sa kanya ay kailangang maging karapat-dapat sa isang ganting-pagal o isang pampasigla. O, baka sinisikap na patayin ang aklat sa pamamagitan ng pananahimik? Kung gayo'y bakit ipinalalathala ni Fr. Jose Rodriguez ang maliit niyang aklat? Bakit buhat sa pulpito ay sumisigaw si P. Baldomero Real nang laban sa hindi mapagtaggol na *Noli Me Tangere*?

Sa pagtatapos, ay bubuuin kong ilarawan ang mga sanhing pinagbuhatan ng marahas na pagkakatuligsa kay Rizal.

Ang pananarili at ang makabansang karangyaan ng mga kastila ay nangasaktan nang mamalas na ang isang indiyoy nangahas na maglagay sa kanyang nobela ng mga kinatawan ng lahing nakata-taas, na ang kanilang mga sariling kapakanan ay pinangingibabaw sa kanilang dangal at sa tungkulin sa kanilang Estado. Ang kawalang tiwala ng kastila sa mga anak ng kanyang mga nasasakop, ay nagpasilakbo ng poot sa may-akda ng aklat. Dito'y maidaragdag ang pagsaláng ng may-akda na rin, sa ilang tiyak na kapakanang lalong makapagdaramdam: ang mga kapakanang pangpananalapi ng ilang kalipunan ng mga kastila, na pinagbantaan ng nobela. Hindi pa nalalaunang ang inang-bayan ay nagsimula nang talaga ng malabis na pag-aaral ng mga bagay na nauukol sa Pilipinas, na matagal nang panahong napapabayaang. Ang unang hakbang ng mga pagbabago ay ang pag-aalis ng nakaiinis na pag-iimbak (pag-iistangko) ng tabako, na ipinagkautang ng Pilipinas sa Ministro ng Ultramar (punong namamahala sa mga nasasakop sa malayong karagatan). na si Balaguer, ang Tanghalan ng 1887, at ang pagpapasok ng Kodiga Penal; tangi sa iba pang mga bagay-bagay, na sa kabuuan ay nagpapatutoo na ang pamahalaan sa Madrid ay nagsisimula nang di lamang duminig kundi humarap sa mga sumbong ng kanyang mga lalawigan sa malalayong karagatan. Nagdaragdag araw-araw ang bilang ng mga kastila sa Espanya na, sa pagsunod sa isang marangal na udyok ng pusò at ng pagkamakabayan, ay naninindigan sa Pilipinas ng mga pagsasakit at pagsasakatuparan ng mga pagbabago. Samakatuwid, lahat ng taong ang pamamalagi sa Pilipinas ay namamalas na pinagbabantaan ng pagpapasok ng mga pagbabago, ay sadyang dapat matakot sa nobela ni Rizal, na pinaglarawanang ganap ng mga kaaba-abang pagdaralita ng mga indiyos, at siyang makapagpaparaming lalo ng bilang ng mga makagagawa ng mga pagbabago sa Espanya. Bumuo, dahil dito, ng isang batalyong ganap, at pisan-pisang nagsimulang lumusob sa mga kalaban. Sa ibang kaparaana'y hindi mapaliliwanag ang gayong kagulat-gulat na galit, na isinagawa ng nasabing pulutong na ang sigaw ay iniudyok ng sikmura.

Tangi sa rito'y ipinalathala ni Rizal ang kanyang nobela sa Alemanya, at kalakip nito'y pinupuri niya ang mga kaugalia't samahang alemán, pagpuring ipinagkaroon niya ng mga kaaway. At noong 1885 ang Alemanya'y hindi lamang nawalan ng mga kaibigang kastila kundi buhat noo'y iniralan sila ng isang uri ng pagkasuklam laban sa alemán, sa ilalim ng iba't ibang kaanyuan. Sapagka't bagaman hindi nangyari ang hidwaan dahil sa Karolinas, ang Berlin, na pinaglimbagan, at ang pagkapuri sa mga kaugaliang alemán, ay sapat nang nakapagpamuhi sa mga prayle, palibhasa'y para sa mga ito, ang Alemanya ay patuloy sa pagiging isang bayang bantog sa pagkaerehe: kaya't buhat sa púlpito ay pinanganlan si Rizal ng agustinong si Fr. Baldomero Real na isang kaibigan ng napasamá at nakapagpapasamang Alemanya. Tila nalilingid sa mabuting pari na ang Alemanya'y mayroong 16½ angaw na katolikó, at napakahigpit na katolikóng sa maraming pagkakataon ay nagiging higit pang makapapa kaysa tunay na Papa. At sa dahilang ang mga prayle, sa kabuuan, ay mga kastila at nasa-kalagayang di-naghuumpay sa mga pambansang kaabalahan, gaya ng ibang mga lego, kung kaya dapat silang magpakilalang kalaban ng aklat, sukdang ganap mang katkatin ni Rizal ang lahat ng pagtukoy sa mga bagay na pangrelihiyon. Tangi sa roon, sa pagkakapili ni Rizal sa bunton ng mga prayle, niyaon pa namang mga uring kasuklamsuklam, ang mga ito'y dapat na maligalig sapagka't sa pagpapalagay nilang sila'y mga panginoon sa Pilipinas, ay itinuturing nilang isang mabigat na paninirang-puri at isang kapangahasan (ng isang indiyó!) na ang makapangyarihang dangal ng kanilang uri ay siyang maging bete noir (maitim na uri) sa kanyang nobela. Ang sigaw na ipinailanlang ng mga prayleng nasisiraang-puri ay nakahawarin sa mga kastilang, sakaling hindi man sa bagay na yaon ay namalagi sanang walang kinikilingan, sa pag-akit sa kanila nang laban kay Rizal, pagka't sa kani-kanila'y naghahari ang paniniwalang sa pamamagitan lamang ng mga prayle naaring masupil nila ang Pilipinas; dahil dito, ang mga naninindigan sa gayong palagay na dapat magsiamin na ang isang aklat na nakikibaka nang hayagan laban



*Si Don Jose T. de Andrade, ang taliba na ibinigay kay Rizal ni Gobernador General Terrozo, noong siya (si Rizal) ay dumating sa Pilipinas matapos nabasa ng mga prayle ang NOLI.*

sa mga prayle ay nararapat din namang maging sapilitan at tuwirang kaaway ng mga kastila.

Kung sasabihin ko ang aking palagay tungkol sa Noli Me Tangere, ay tahasang ipagtatapat ko na ito'y kinikilala kong isang dakilang akdang pampánitikan na kailanma'y hindi pa naisusulat ng sino mang pilipino o ng sinumang iba tungkol sa Pilipinas, at nagiging maligaya ako sa pagpapalagay na hindi lamang akong mag-isa ang nag-aangkin ng gayong pagkilala ng napakaalab na pag-big sa inambayan, gaya ng nasa-Noli Me Tangere, na sinulat ng dugó ng pusò ng isang makabayang hindi nag-uukol sa Espanya ng anumang pamatay na poot, kundi ng isang makakatarungang pagkamuhi sa lahat ng taong nagpapakalabis sa isang paraang pansarili at maalingasngas sa kapangyarihang sa kanya'y itinalaga ng Estado o ng Simbahan. Ang pangyayaring pawang kastila ang malaking bahaging hinatulan ni Rizal sa kanyang akda, ay bunga ng kalagayan ng Pilipinas, na ang lahat ng gawaing pampamahalaan doon, ang pinakamabubuting parokya at ang pinakamalalaking bahagi ng mga karangalang pangsimbahan, ay nasa-kamay ng mga kastila. Walang sinumang may karaniwang pang-unawa ang makapipilit kay Rizal, na dapat niyang tulungan o tangkilikin sa pamamagitan ng pagtahi-

mik upang siya'y maging kasabuwat sa mga pagmamalabis ng mga pinuno't kawani ng Estado at ng Simbahan, dahil na dahil lamang sa sila'y pawang kastila. Ang gayong pamimilit ay magiging makabuluhan lamang para sa isang guro sa patolohiya (kalagayan ng sakit) at mangangahulugang isang kabaliwang moral sa sarili ng mamimilit.

Ang nobela'y sinulat, hindi upang ihinalay ang Pilipinas sa Espanya, kundi upang tawagin ang kalooban ng lahat ng kastila sa Inang Bayan, yaong mga mararalang nang hindi sa bihig lamang, ukol sa di-wastong panamahalang sa bayan ay naghari, maghahari, at maaaring maghari, upang ang Pilipinas ay mapapanatili sa pamamagitan ng pagpapasok ng mga kailangang paghabag. May mga bagay na mapapait, may mga bagay na di nakasisiya na isinasalaysay ni Rizal sa atin, subali't yaon ngang pinakamapait na gamot ang siyang buong bisang nakapagdudulot ng kalusugan sa mayasakit. Ang mapayapang kaunlarang naibubunsod ng Espanya, pagkatapos ng isang panahon ng di mabilang na paghihimagsik, salamat sa mabibisang katangian sa pamamahala ni Alfonso XII at gayundin ng kanyang marangal na balo, ay makapagpapaasa na ang mga mithiin ni Rizal ay tahasang matutupad. At ako na rin sa sarili'y nani-niwala, na ang masigasig na kilusang isinasagawa ngayon sa Pilipinas ni Heneral Weyler, laban sa kabulukan, ay bunga ng *Noli Me Tangere*, at kung ako'y di nagkakamali, ay masasabi kong si Weyler ay gumagawa sa suliraning ito nang sang-ayon kay Rizal.

Sa wakas, ay di ko makakaligtaang di banggitin na lubos na isinakit ng loob ko ang pangyayaring ang Orden Agustiniana ay nakagawa ng isang napakalungkot na tungkulin sa pag-uusig laban kay Rizal. Si P. Font, sa kanyang pamumuna ay nasa ilalim ng kataasan ng kalagayan, at ang bantog na P. Baldomero Real, na siyang nagbigay-buhay sa pagtuligsa laban kay Rizal ay nangailangang manirang-puri't lumait sa Imperyong Aleman, isang Estadong kaibigan ng Espanya, at nasa-mabuting pakikipaglagayan sa Papa. Datapuwa't malungkot, napakalungkot na

isaalang-alang ang katangian ni P. Jose Rodriguez, na sa kanyang kathang "Bakit di ko babasahin ang mga iyon?" sa pahina 9, hindi lamang may isang talasalitaan ng mga kalaswaan, kundi ng mga di-katumpakan din naman (nasaan ang mga beliw na palagay? Nasaan ang mga pag-upasala?) at ang maykatha'y hindi nahiyang magkulan ng putik kay Rizal, sa isang kaparaanang hindi karapat-dapat sa isang taong gaya niyang may pinag-aralan, sa isang marangal na kastila, sa isang paring kristiyano at sa isang mabait na monghe. Masakit ito sa akin, at lalo nang masakit sapagka't hindi lamang sa ako'y bininyagan ng isang agustino, kundi sapagka't kinilala kong lagi na, kalakip ng tanging paggalang, ang mga agustino sa Pilipinas, na sa nakaraang panahon ay pinagtagumpayan nila ang mga karapatan at naging mga bituing may pang-unang nungning sa daigdig ng panitikan. Ang mga kahinang naipakilala nila sa kilusang ito, ay ipinangangamba kong lumampas na sa kasaysayan ng maluluwalhating araw ng mga agustinong yaon. Sa lahat ng prayle, gayunman, ay dapat kong ipaalaala, bilang pangwakas, ang mga pangungusap ng isang Mabuting Katolikong Aleman (Reinhold Baumstark):

"Hindi maka-katarungan, sa ilalim ng lahat ng pananaw, ang karaniwang paniniwala na sa mga tunggaliang politiko, pangrelihiyon o pangsimbahan, ang matuwid ay matatagpuang malinaw at walang pasubali, sa isang bahagi, samantalang ang kawalang-matuwid ay mapaparon nang walang pagtatalo, sa bahaging kalaban. Napakatumpak, gaya ng inabubuhay lamang ang isa at tanging katotohanang maka-Diyos, gayundin naman, hindi matututulan na ang kanyang mga pinuno sa ibabaw ng lupa, sukdang naising maglingkod at sa katunaya'y naglilingkod nga sa ilalim ng isang mabuting hangarin, dahil sa kawalang-katarungan nila, dahil sa katigasan at kalupitan ng kanilang mga pamamaraan, dahil sa kanilang mga simbuyo ng loob at mga kasalangan may lahat ng uri, ay nagbibigay ng dahilan sa kanilang mga kaaway upang ang mga ito'y maniwalang nasa kanilang panig ang katuwiran."

## M. R. Fr. JOSE RODRIGUEZ\*

*Kagalang-galang na Pari ng aking pag-aalang-alang at pagpipitagan:*

Nang isa sa mga araw na ito ay nakita ko at ganap na nabasa ang munting aklat na inyong ipinalathala, na pinamagatang "Bakit di ko sila Babasahin?" Naipala gay kong yao'y napakabuting katulad ng lahat ng nagbuhat sa inyong malasakit na wagas at tunay na makaabanghelyo. Sa pagpapatuloy ko ng pagbasa sa kanya, sa dakong huli, ay umabot ako sa ikaanim na alituntunin, isa sa mga itinakda, upang makilala ang mga aklat na ipinagbabawal. Ito'y nagsasaad: "Ang mga aklat na ginawa at inihayag na may lamang mga kamaliang labag sa pananampalataya." At inyong idinagdag: "Ganyan ang aklat ni doktor Rizal na pinamagatang 'Noli Me Tangere', na binabasa ngayon ng maraming umano'y kato'iko, gayong ang pagbasa sa kanya ay nakapagkakasala nang malubha, sapagka't isang aklat na puno ng pagka-erehe, paghamak sa Diyos at mga kamaliang malalaswa."

Nakarinig na ako ng ukol diyan noon pang mga panahong nagdaan; sinasabing si Dr. Rizal ay isang erehe na tumutuligsa sa mga samahang pangrelihiyong pinagtibay ng Simbahan, hindi naniniwala sa Purgatoryo, tinatanggi ang bisa ng mga indulhensiya, at gayundin, ang walang hanggang kahalagahan ng sakripisyo ng misa; ang mga iba'y hindi sumasang-ayon sa gamitong palagay at nangagpapahayag ng katimbalikan. Nang unang basahin ko ang "Noli Me Tangere", alin man sa mga palagay na itong nagkakasalungatan ay hindi naging saligan ng aking kapasyahang matalos kung alin ang katotohanan, kaya muli kong binasa nang lubos na kataimtimang maaari kong garin.

Buong katapatang ipahahayag ko sa inyo ang nabuo kong pasiya, alinsunod sa aba kong pagkaunawang napapaloob sa mga sumusunod na palagay:

Si Dr. Rizal, sa ilalim ng naglalambungang mga banggit ay mahigpit na pumuna sa napakalubhang pagmamalabis ng mga tauhan ng ilang institusyon, bagaman hindi tinutukoy nang tiyak ang mga ito, na umpa't hindi niya idinaramay sa pagpuna ang katutubong kabutihan, dahil sa kanyang makalumang kaisipan. Ang sama ng mga pagmamalabis ay nakahaharwa, tunay nga, na gaya ng ketong, sa mga kasapi ng isang Samahan; nguni't hindi gayon ang sa pagpunagng maaaring ilapat sa kanila upang sila'y mapabuti at gayon din, upang mahonasan ang ayos ng mga kasamaang nalilikha. Sa kasamaang-palad ay laging pinagkakamali sa mga tao ang mga bagay lamang ng simbuyo ng damdamin o ng pag-iimbot, at ang katauhan ng mga relihiyoso sa malinis na Relihiyon, na kanilang pinakikibagayan, at ang kamaliang ito ay nagtataglay ng mga nakahahambal na kahidwaan na ang kadalasa'y lumilikha sa maraming pagkakataon, ng walang lutas na paglabag sa katarungan. Kung wala ang mga kamaliang ito ng kaisipan ay dapat na naharap ang nauukol sa pagpuna sa masasamang hilig na namamalalas sa lipunan, o kaya'y sa pangkaraniwang mamamayan. Pinipuna, halimbawa, ang pagmamayabang na walang kabuluhan at

(\*) Ang artikulong ito'y nalathala sa "La Solidaridad" noong ika-31 ng Marso ng 1890, pahina 77, at parang isang bukas na liham kay P. Jose Rodriguez, na sumulat ng mga polyetong mahigpit na tumuligsa sa "Noli Me Tangere" ni Rizal.

Ang may-akdang si P. Vicente Garcia ay isang paring pilipinong naging Provisor at Vicario General sa Katedral ng Maynila. Noong 1862 ay nahirang siyang Gobernador ng Obispado ng Nueva Caceres. Sa artikulong ito'y inilagda niyang pinakasagisag ang V. Caral.

(Tinagalog ng Pangkat ng Wikang Pambansa ng JRNCC.)

katawa-tawa, ng mga nilalang na nagpapanggap na mga "devota", sa baliw na pagpapaligsahan ng isa sa isa, kung sino sa kanila ang nagkamit ng maraming induhensiya upang makapagligtas ng mga kaluluwa sa pagdurusa sa purgatorio, na ang inilalabang pagmamatuwid ng bawat isa, at ng ilan pa sa mga iba, ay ang mga di mabilang na mga induhensiyang lubos at hindi lubos na natamo sa pagdalaw sa mga dambana sa mga araw na tinatawag nilang toties quotes; sa paggamit ng iba't ibang kalmen na sa pagpaparangala'y pinababalatay sa ibabaw ng kanilang dibdib at likod; mga induhensiyang lubos at di lubos dahil sa ilang pami-sang buong taimtim na sinimbahan, na bilang pagpaparangalan ng ibang nakikipagpaligsahan, di-umano'y nagtamo sila sa loob ng isang taon ng mahigit sa anim na raang induhensiyang lubos. Ngayo'y ilantad nating nababatbat ng buhay at matitingkad na kula ng pamumuna, iyang hangal na pagpapalalo, iyang mapagmalaking kayabangan at katawa-tawa ng mga nasabing "devota", pagtanggap ng kaya sa pagkakaroon ng Purgatoryo, sa bisa ng mga induhensiya, at sa kahalagahang walang hanggan ng sakripisyo ng misa? Mapatutunayan kaya ang gayon ng sinumang hindi binubulag ng simbuyo ng damdamin? Ang tunay na may-akda, na malayong hindi kumilala sa purgatoryo, ay nagpapatutoo na ang binabanggit ay ang kapangyarihan ng Konsilyo sa Plorensiya na idinaos nang 1439 at ng Tridentino, sa ilalim ni Pio IV, nang 1563, kapulungang 25, sa pahayag-utos na nagsisimula sa pangungusap na Cum catolica Ecclesia Spiritu Sancto edicta, etc. (Ang iglesia Katolika sa pamamagitan ng Espiritu Santo ay nag-utos, ttp.) na tinitiyak pa ring noon pa mang bago dumating si Hesukristo sa lupa, ay may hivatig na ang ibang mga pilosopo, sa pook na yaon ng pagpapakalinis. Tingnan sa pahina 67.

Babanggit ako ng ilang pangungusap ng nasabing may-akda na nagpapakilala nang buong kaliwanagan sa kalinisan ng kanyang pananalig, anya: "Sa atin-atin ay nasasabi na ang diwa ng Purgatoryo ay magaling, banal at makatuwiran; nagpapatuloy ang pagkakaugnay ng mga namatay na at ng mga nabubuhay pa at nag-aatas ng isang lubos na pagpapakalinis sabuhay... Ang samá ay nasa-pagsasamantalang sa kanya'y ginagawa." Pah. 66. Dapat unawain ang mga huling pangungusap na ito, kailan ma't idarako sa panig ng sama ang kanyang mga pagpuna, at huwag ilimutin ang uri ng bungang kinaiyakulan ng Noli Me Tangere. Ito'y hindi isang aklat na maaaring ipangaral, ni pangdoktrina, kundi isang nobela, na sa ilalim ng mga pakiwatig na nalalambungan, ay pumupuna sa malulubhang pagmamalabis. Kung siya'y nanunton o hindi sa kanyang pamumuna, alinsunod sa mga alituntunin ng sining at ng mabuting panlasa, ay nahatulan na sa ganito, nang walang pagkiling, ng mga bihasa sa gawaing iyon.

Sinasabi ninyong si Dr. Rizal ay isang lapastangan sa Diyos, erehe at mapanglibak, na nangangaral sa iba ng kawalan ng Diyos; ngunit di-kayo bumabanggit ng isa mang patutoong nagpapakilala ng kanyang kalapastanganan sa Diyos, pagkaerehe, a pagkamapanlibak. Sa mga pangungusap a sa iba't ibang panahon ng kanyang aklat na aking babanygitin, ay nadarama ko ang kanyang pananalig sa Diyos at sa Pananampalatayang Kristiyano, na pumapawi sa lahat ng diwa ng kalapastanganan at pagkawalang Diyos.

Ang pananalig niya sa Diyos. — Pah. 68. Nang tanungin si pilosopo Tasyo ng isang babaing may-asawa, kung siya'y (si Tasyo) naniniwala sa kaparusahan, ay sumagot: "Hindi ko alam ginang, kung ano ang gagawin sa akin ng Diyos. Pag ako'y naghihinalo na ay ibibigay ko na sa Kanya ang aking sarili nang walang takot: gawin Niya sa akin ang Kanyang niloloob." Makapagsasabi ba ng gayon ang isang walang Diyos (ateo) na tumatanggi sa pagkakaroon ng isang Diyos na Buhan, ang isang lapastangan nang-aakit sa iba upang mapapanalig na Walang Diyos?

Ang sumusunod ay saklaw ng mataas na karunungan sa Teolohiya (Pala-Diyusan), at tumatalakay tungkol sa kung marami ang mga taong nakakiligtas kay sa paparusahan. Ginawa ni Pilosopo Tasyo ang kanyang pagtaya at nagsabi: "Kung ang makaliligtas lamang ay ang mga katoliko (sa mata ng Diyos, dapat unawain) at sa mga ito'y isang ikalimang bahagdan lamang, ayon sa paliwanag ng maraming ku-

ra, at kung ang mga katoliko'y binubuo ng isang ika-12 bahagi ng mamamayan sa lupa, alinsunod sa mga estadistika, ay lumalabas na pagkatapos na maparusahan ang libu-libong mga tao sa loob ng mga di na mabilang na mga dantaong lumipas bago dumating sa lupa ang tagapagligtas, pagkatapos na mamatay ang anak ng Diyos nang dahil sa atin, ngayon ay mawri lamang na mangaligtas ang lima sa bawo't sanlibo't dalawandaan." "Oh, hindi, hindi nga! Mamabutin ko pang sabihin at manalig kay Hob, na nagsabing: "Ikaw ba'y magiging malupit sa isang dahong lumilipad, at pag-usig ang isang sungot ng palay na tuyos? Hindi, hindi mangyayari ang gayong kapalamakan; isang kalapastanganan sa Diyos ang paniniwala sa gayon, hindi, hindi!... Isang kidlat na nakasisilaw, kasaliw ng isang kulog na nakapanghihilakbot, ang tumanglaw sa pilosopo, na susigaw nang nakamat sa Langit ang mga kamay:

"Tumututol ka!" Alam ko nang ikaw ay hindi malupit, alam ko nang dapat lamang kitang tawaging "Ang Mabuti". Ang mga ito ba ang mga paglibak sa Diyos at mga erehiyang sinasabi ninyong pumupuno sa Noli Me Tangere? Hindi ba ito ang nabubuo nating isipan hinggil sa walang hanggang kabag ng Diyos, na lumaganap sa lupa? Ganyan ang mga Teologo (mga pantas ukol sa Pala-Diyusan).

Ang kanyang pananatig sa Relihiyong Kristiyano. — Pah. 88 Nagsasalita ang bayani ng nobela, na ang amang buong kagandahang loob na tumatangkilik sa mga nagsisipag-aral na batang mahihirap ang buhay, ay inusig nila hanggan sa mamatay, hinukay ang kanyang bangkay sa libingan at itinaon sa isang lawa: "Lalo kong napag-isip-isip," ang wika sa guro ng paaralan, "at inaakala kong kung aking isasagawa ang mga balak ng aking ama (sa kapakinabangan ng mga nasabing bata) ay lalong mahalaga kaysa siya'y panangisan. at lalo pang mahalaga kaysa siya'y ipaghiganti ko. Ang libingan niya'y ang banal na kalikasan, at ang kanyang mga naging kaaway ay ang bayan at ang pari nito; pinatatamad ko ang una dahil sa kanyang kamangmangan, at iginagalang ko ang ikalawa dahil sa kanyang sariling katangian, at sapagka't ibig kong pagpitayanan ang relihiyong nagtuturo sa lipunan. Ibig kong mapukaw ang aking loob sa diwang nagbigay sa akin ng pagkatao, at sa ganito'y ninanais kong makilala ang mga salabid na kinatitisiuran dito ng pagtuturo." Narito ang relihiyon ni Hesukristo, na inangkin sa diwa, at sa katotohanan'y hindi sa paraang opisyal at hindi sa mga pangungusap na pinasunungalingan ng mga gawa at mga pagmamalabis na nakasisirang-puri at ikinapopoot ng Diyos sa Kanyang mga ministro.

Sinabi pa rin ninyo: "Ang tanging kapuna-punang nakikita sa may-akda, ay ang kanyang poot sa relihiyon at sa Espanya." Ito'y mapaniniwalaan lamang ng mga di-nakabasa ng kanyang aklat at nangakarinig ng masigasig na pagpapalaganap laban sa kanya dito at sa lahat ng mga lalawigan; nguni't ang mga nakatatlastas na mabuti ay pawang tumatawa lamang sa ganyan. Nasabi ko nang di-dapat ipagkamali ang katauhan ng mga makarelihiyon sa malinis na relihiyong pinagpaparisan. Ang pagtutulad doo'y isang kabaliwan; gayunma'y ganito ang ibig nilang ipakahulugan na parang tunay na sa relihiyon ang mga pinupunang pagmamalabis.

Inuupasalanan ninyo si Dr. Rizal sa pagiging erebeng politiko at sinasabing siya'y napopoot sa Espanya; datapwa't ang inyong ibinubuhay ay wala ring katotohanan o kaya'y walang mga patutao maliban sa inyong salita. Hindi mapag-aalinlanganang hindi ninyo natatalos na ang tunay na aklat ay nagpapabulaan sa inyo sa maraming bahagi nito. Ilalahad ko ang ilan. Nakikipag-usap si Ibarra kay Elias, na sugo ng mga pinag-usig, na tinatalakay sa Kabanatang ika-49, at siya'y tinatanong. Pahina 263:

— Ano pa ang kanilang hinihingi?

Elias.— Mga pagbabago sa pagpapari: hinihingi ng mga sawimpalad ang lalong malaking pagtangkilik laban sa mga samahang relihiyoso.

*Ibarra.*— Nalimutan na ba ng Pilipinas ang pagkakautang sa mga samahang ito? Nalimot na marahil ang napakalaking utang na loob sa mga nagsihango sa kanila sa kamalian upang sila'y isasinapupunan ng pananam-palataya, sa mga kumupkop sa kanila laban sa kalupitan ng kapangyarihang sibil? Narito ang samang di-pagtuturo ng kasaysayan ng bayang kinamulan. . . . . *Pahina 234.* Inibig ko ang ating Bayan, gaya ng pagibig ninyo sa kanya; gayunman, kaibigan ko, nadarama kong kakaunti lamang ang nakikita ng mga mata nating pinanalabo ng simbuyo ng ka-looban; dito'y namamalas kong hindi gaanong kailangan ang mga pagbabago, na gaya sa ibang dako.

*Elias.*— Maaari bang mangyari, ginoo? Maaari bang hindi ninyo makita ang pangangailangan ng mga pagbabago, kayo pa naman, na ang mga kasawian ng inyong kaanak. . . .

*Ibarra.*— Ah! Nilikimot ko na ang aking sarili, nilikimot ko na ang sariling mga kasamaan sa harap ng katiwasayan ng Pilipinas, sa harap ng mga kapakanan ng Espanya. Upang mapapamalag ang Pilipinas ay kinakailangang magpatuloy nang gaya ngayon ang mga prayle, at sa pakikiisa sa Espanya ay naroron ang kagalingan ngating bansa.

*Elias.*— Naniniwala ba kayong sa pamamagitan ng mga prayle'y mapamamalagi ang Pilipinas?

*Ibarra.*— Oo, sa pamamagitan lamang nila: gayon ang paniniwala ng mga nagsisulat hinggil sa Pilipinas.

*Elias.*— Hindi ko akalainang magkakaroon kayo ng ganyang kaaba-abang kaisipan tungkol sa Pamahalaan at sa ating bansa. . . . . *Pahina 280.*

*Ibarra.*— Ang kinikingi ng bayan ay hindi maaaring mangyari at kailangang maghintay.

*Elias.*— Maghintay, ang paghihintay ay katumbas ng pagtititiis.

*Ibarra.*— Pag hiningi ko, ay tatawanan lamang ako.

*Elias.*— At kung kayo'y panindigan ng bayan?

*Ibarra.*— Kailan man! Hindi ako kailan man mamumuno sa madla upang kamtin, sa pamamagitan ng lakas, ang hindi pinaniniwalaan ng pamahalaang napanahon na, hindi. At kapag nakita ko, sa ilang pangyayari, ang karamihang iyang nasasandatahan, ako'y papanig sa Pamahalaan at kakalabanin ko sila; at alamin ninyong sa mga manggugulong iya'y hindi ko makikita ang aking bayan. Ninanais ko ang kanyang kabutihan; kaya nga't ako'y nagtatayo ng isang paaralan; hahanapin ko iyan sa pamamagitan ng pagtuturo, sa patuloy na pagsulong; kung walang liwanag ay walang landas.

*Elias.*— Pag walang pakikihamok ay wala rin namang kalayaan.

*Ibarra.*— Datapunta't ayoko ng ganyang kalayaan.

*Elias.*— Ngumit kang walang kalayaan'y walang liwanag. . . . ? Ano ang aking sasabihin sa mga nagsugo sa akin?

*Ibarra.*— Sinabi ko na sa inyong dinarumdang ko ang kanilang kalagayan; subalit dapat silang maghintay; sinasabi kong ang kasamaan ay hindi nalulunas ng kapuwa samá.

Kung ang pagbabataya'y ito, sino ang makapagsasabi na ang gayong pagpapahayag ng kanyang mga damdaming pang-makabayan ay isang kataksilan sa Espanya? Kung binasa ninyo nang walang simbuyo ng damdamin, at walang kinikilingan ang Noli Me Tangere, marahil ay hindi kayo magkakalakas ng loob na magparatang sa may-akda ng pagka-ereheng politika, sa pagsasabing napopoot siya sa Espanya.

Sa mga huling yugto ng nobela, si Ibarra ay nahulog sa mga patibong na ini-umang ng mga kura, siya'y napit sa salang pakikipagsabuwalan; ngumit siya'y

itinakas, poot at walang pag-asa ay nagnais na maging pilibustero (survail) upang maghiganti; sa gayong udyok ng kawalang-katarungan ng mga tao, at parang isang baliw, nang sumaisip na wala nang kaanak na magiging sarwi at wala pa ring sana'y magiging kaisang dibdib, na pinipilit na ipakasal sa iba, ay nagsabi, sa kagsagan ng simbuyo ng kawalang pag-asa, "Walang Diyos, walang pag-asa, walang sangkatauhan, wala nang nalalabi kundi ang katwiran ng lakas." Ito'y mata-tugpuan ninyo sa pahina 337, at kung isasakatawan ni Ibarra si Rizal, ay maipalagay ninyo iyan, ukol sa kanyang mga damdamin sa pagkamatapat sa Espanya: nguni't ano ang isasagot ninyo sa mga magtatanong sa inyo ng: Sino ang may kasalanan ng kanyang pagkabalaw?

Bukod dito'y huwag sabihing ako'y napakikilalang tagapagtanggol ng aklat na iyan, huwag. Kahit na sinasabi ng murami na mapusyaw pa ang pagkakalarawan at pagkakapaliwanag na isinalaysay ukol sa mga pagmamalabis na binabanggit ko, ay hindi gayon ang aking palagay, hindi ko pinagtitibay ang katulisan ng kanyang mga pagpuna. Ang mga buhay at matitingkad na kulay na kanyang puna ay nakalikha ng samâ ng loob sa mga maawain at maselang na pandinig ng matapat na bayang ito, na wagas na katoliko, at gayundin, nakasisilaw sa mga mata ng mga taong maselang na paningin at masasaktin, sa malabis na kaliwanagan ng isang ilaw na artipisyal o ng mga sinag ng araw. Ilagay ang katotohanan sa dapat kalagyan. Kung dahil dito'y sasabihing si Rizal ay isang lapastangan sa Diyos (impio), erehe, mapanglibak at eskomulgado nang di pa nahahatulan ang kanyang aklat ng mga may kapangyarihang dapat na magpasya, ay may napakalaking agwat.

Hindi mapag-aalinlanganang ang inyong pamumunang ginawa sa udyok ng simbuyo ng damdamin, nang di muna inunawa ang kailaliman ng mga bagay-bagay, ay siyang humilikha ng hatol na iyan ng bayan, nakasugat sa kanyang pananalig at sa kanyang dangal, lakip ang hangaring hintayin ang kanyang pag-alis, upang siya'y tuligsain nang walang laban. Nang, sa niyong mga pagtuligsa'y gumanap kayo, bilang kapangyarihang may karapatan, gayong wala naman, at magsasabing ang mga aklat na yao'y puno ng mga pagkaerehe at panlibak, na di man lamang bumabanggit ng anumang patutoo ng paka-erehe o pagka-mapanlibak, ang bayang

Sinagot ni Rizal ang tulig-sa ni P. Rodriguez sa Noli sa munting aklat na ito: *La Vision de Fr. Rodriguez*



matalino, na di naniniwala sa inyo, ay makahahango buhat sa inyong salaysay ng ibang uri ng sanhi, halimbawa'y ang kasumpa-sumpang takot na mawalan kayo ng pagkukurahan, ng mga asyenda, sa nabanggit nang mahigpit na pagpapalaganap laban sa nasabing layunin.

Nangarito ang matuwid sa kawalang ito ng paniniwala:

Una.— Hayagang napag-alaman na ipinagsimbong ang aklat na iyan sa Pamahalaang panlahat, at mga taong may labis-labis na lakas at mahigpit na nag-u-nais na maparam iyon ay nagsikap nang gayon na lamang at nagsilakad sa Kamunahang Kapangyarihang Sibil at gayundin sa Kapangyarihang Eklesyastiko upang ipagbawal ang pamamahagi o pagpapakalat sa aklat. Napagtalastas na isinailalim iyon ng pagsensura. At ano ang naging bunga? Hindi nagwagi ang hangad. Walang pinagpasyahang utos, ano ang malay natin, ng pagbabawal na hiniling ng mga nangangailangan. Sadyang inaasahan na, ang bungang ito ng lakad, sanhi sa kasalukuyang pamamalalakad na naghahari sa Espanya, at ayon sa kapaligirang doon, dito at sa lahat ng dako'y nalalanghap. Nakita ko ang pasiya ng kurang sumuri, kiling na kiling na talaga sa hangad; sa palagay ko'y tutoong masagwa at walang alinlangang sana'y sasakamay na ang pagsang-ayong opisyal sa kanya, kung yao'y iniharap noon pang ika-dalawampung taong nagdaan, ibig sabihin'y noong panahong yaon ng sikangán, na hindi makapagsasalita dito ng anumang nalalaban sa mga pagsasamantala ng ilang tiyak na uri ng mga tao, sapagka't umaalingawngaw saan mang dako ang isang binging tinig ng nakapangingilabot na paghikiganti, na ang alingawngaw ay katulad ng sa Noli Me Tangere.

Ika-2. Sa loob ng panahong ipinatatili dito ni Rizal, humigit-kumulang sa isang taon, ay nangagpaunang kilos na ng isang tolle tolle (alis! alis!) na lalong nakapagbigay-halaga sa aklat na ito hanggang sa may tumatawad ng anim (6) na piso bawat sipi. Kung tunay na puno ng mga erehiya at pantilibak, and dapat sana'y nilabnot ng ating mabait at mapaghinalang prelado sa mga kamay ng mga manong at manang ang aklat na iyang umano'y nakalalason at makamandag sa mga kaluluwa, at ipinagbawal sana, sa ilalim ng kaparusahang iniaatang ng batas ng relihiyon o kanoniko.

Ika-3. Sa pahinang ika-25, sinasabi ninyo na ang Kapangyarihang pangsimbahan (pangrehiyon) ay siyang tanging may karapatan sa paglitis at paghatol sa kabutihang kasamaan ng isang aklat. Mabuti nga, ngunit ang P. Prior ng kumbento ng Guadalupe, sa pagiging prior lamang, ay isang kapangyarihan na ba kayang pangsimbahan na may angking karapatan? Hindi? Kung gayon de ore tuo te judico (sa bibig nabibingwit ang isda)

Ang tatlong matuwid na ito ay sapat na upang makapagbigay-kasiyahan sa sinuman sa pangangailangang kayo'y magbigay ng paliwanag na kailangan ukol sa bagay na iyon lamang, o ang kapangyarihang may karapatan ay magsabi ng pasiyang nagpaparusa laban sa nasabing aklat kailanma't kinikilala nilang karapat-dapat na isakatuparan.

\*\*\*

Ako'y patutungo sa walang busabos,  
walang umiinis at berdugong hayop;  
pananalig doo'y di nakasasalog,  
Si Bathala lamang doo'y haring lubos.

—Rizal.

Si "PROMETEO NA GAPOS" ang bayani ng Kamulanan, siyang kaibigan at mapagkawanggawa sa sangkatauhan, siyang lumikha at Guro ng buhay, — ay naggipumiglas, hubu't hubad at walang tapang nagkukubli ng katotohanan; — sa may ulunan ay narno't nakabantay ang isang buwitreng dayupay na naghihintay na siya'y malagutan ng hininga upang kanyang pupusang gutayin, katayin, lapain, at lamuin. Iyan ang larawan ng kanyang Bayang ipinapos ng tanikala ng kamangmangan, kasibaa't kalupitan ng bansang sa kanya'y nakasasakop na walang iniban sa buwitreng nagbantay.— G. E. Tolentino.

## Ang Mga

## PAGLALAKBAY

Laong Laan

A STATUETTE CARVED BY RIZAL  
REPRESENTING PROMETHEUS BOUND

(Tinagalog ng Pangkat ng Wikang Pambansa ng "Jose Rizal National Centennial Commission" sa isang artikulong sinulat ni LAONG LAAN (Jose Rizal) sa La Solidaridad, pahayagang lumalabas tuwing ikalabinlimang araw, sa Barcelona, Espanya, Taon 1, Bilang 7, Barcelona, ika-15 ng Mayo.

Sino ang hindi nakapaglakbay? Sino ang hindi nawiwill sa mga paglalakbay sa ang mga ito'y siyang pangarap ng kabataan sa unang pagkaalam nitó ng kahalagahan ng buhay, sa ang mga paglalakbay ay isang aklát para sa mga may sapát na gulang, kapag ang paglulunggati ng karunungan'y siyang kinaaabalahan ng diwá, at sa wakás ang mga paglalakbay ay siyang huling pahimakás ng matanda kapag nagpapaalam sa daigdig upang tumahak sa lalong pinakamahiwa-wagang landás?

Ang paglalakbay ay isang humaling sa kamusmusán, isang simbuyó sa kabataan, isang pangangailangan sa mga tao at isang malungkot na tulá sa katandaan.

Huwág ninyóng basahin sa mga batá and Robinson ni ang Gulyber, kung hindi ninyo nais na malingáw sa mga tanóng hinggil sa mga bayang iyóng ang mga panghalina'y ipinagiging maramdamin ng kaniláng kaisipán; huwág ninyóng ilarawan sa mga batá ang mga damdamin, ang mga biglang pagbabagu-bago, pakikipag-sápalarán sa mga bansáng banyagá o kaya'y di-kilalá; alisin ninyó sa mga matá

nilá siná Julio Verne, Mayne Reid, sapagká't kung hindi, ay pupukawin ninyó ang mga gabi nilá, at maidaragdág pa ninyó sa sumisilang niláng hangarin, na balabalaki't mapupusók, ang isá pang magpapasakit sa kanilá sa pagkápailalim sa iba o sa kaniláng kakapusán ng salapí. May napakalaking pangganyák sa mga kababalaghang di-kilalá, napakalaking panghalina sa pagmamasid sa kalikasan!

Katutubó na sa tao ang pagnanasá sa paglalakbay gaya ng pagnanasá sa karunungan, na tila bagá yaó'y inilagáy ng Lumikha sa bawa't isá sa atin, upang sa udyók niya'y pag-aralan at kamanghaan natin ang kanyáng mga gawá, makipagtalastasan at makipagkapatiran tayong pinapaghiwalay ng kalayuan, at kapag nagkakaisá na'y bumuó ng fisang angkang siyang lunggati ng tanáng mga paláisip.

Sa dahilang itó, kayá ang tao'y ginawang mamamayán ng daigdig, nilikha ang mga dagat upang sa ibabaw ng nahahawing katawán nitó'y makapagpadulás ang mga sasakyáng-dagat; ang hangin upang siyang makapagtulak at makapagpatakbo ng mga yaón; at ang mga bituin upang

siyáng makapamatnugot kahit sa gabíng lalong madilím; at ang ilog na bumabag-tás sa ibá't ibáng dako. Siyá'y nagbukás sa mga batóng malalakí ng mga lulusu-tá't daranán, nagtayo ng mga tuláy, nag-bigáy sa árabé ng mga kanyóng gaga-niín sa mga malalawak na iláng, at ng reno at aso sa mga naninirahan sa mga napakalamí ng kadulu-duluhan ng lupa, upáng humila ng mga sasakyán niláng waláng gulóng na ginagamit sa yelo.

Ang lahat ng pagkakasulong ng mga lipunang makabago ay utang na lahat ha-los sa mga paglalakbáy. At sa katunayan, buhat pa sa kauná-unahang panahón, ay naglakbáy na ang mga tao sa paghanap ng karunungan, na para bagáng itó'y nakasulat sa mga lupí ng dagat, sa mga dahon ng mga punong-kahoy, sa mga ba-tó ng lansangan, sa mga bantayog at mga libingan.

Ang mga griyego'y nagsadvá sa Ehip-to upáng humingi sa mga pari nitó ng aral; nagbasá silá ng mga papiro at na-tillhan sa panonood ng napakalakíng li-bíngang makulimlim na kinatawán ng ka-ispáng pambansá; silá'y sumimsim ng sig-lá sa kaniláng luksáng kadakilaan, gaya ng ginagawá ngayón ng mga pantás sa Europa sa mga heroglipikó o di-madalu-mat na titik; at buhat doó'y nagsiuwíng mga dalubhasang pilósopó, gava n' Pitá-gorás, mga mánanalaysáy, gaya ni Hero-doto, mga mambabatas, gaya niná Likur-go at Solón, at mga makatang gaya niná Orfeo at Homero. At ang relihiyón, ang kabihasnán, ang mga aghám, ang mga ba-tás at mga kaugalian ay nanggagaling noón sa Ehipto, bagamán sa pagsadsád nilá sa mga nakangiting baybayin ng Fla-de, ay naghuhubád ng kaniláng mga ma-hiwagang bihis upáng magsuót ng pang-karaniwan at kaakit-akit na kasuotan ng mga anak na babae ng Gresiya.

Pagkatapos, buhat sa tudling na iginu-hit ng isáng araro'y gumitaw ang isáng bayang malakás, masipag, dakilá, palaló, at kahanga-hangá. Buhat sa kanyáng ka-pitolyo ay pinagalá ang tingín sa daigdig, na naging karapat-dapat na pakay ang isáng kasakimáng waláng hanggán, at nagpalagablá sa kanyáng mga hangarin. Pinawalán ang kanyáng mga limbás at pi-nalakad ang kanyáng mga kawal. Sa pag-balik ng mga itó'y nakasingkaw na sa kar-

wahe ang lahat ng mga bansá. Ang Gre-siyang napakaliit ay nahigop ng Romang lalong mapagwagi, datapwá't ginawá ng Gresiya sa Roma ang ginawá rin ng Ehip-to sa Gresiya: tinuruan ng Gresiya ang mga anak ng Roma, pinalamutihan ng mga gawá ng kanyáng mga anak ang mga lan-sangan at liwasan nitó; at ang lahat ni-yáng karunungan, aghám, pilosopiya, mga sining ukol sa kariktán at pánitikán, ay inilipat sa Roma, at bagamá't ang mga yaó'y nabawahan sa angking panghali-na't kariktán, ay naragdagan namán sa kadakilaat kamaharlikaan sa pagpaki-lala ng wani (*genio*) ng bayang palaló. Sa gayó'y nasaksihan sa Roma ang nang-yayari ngayón sa mga bayang bihasá hing-gil sa pagpapahalagá't paggaya sa mga bagay-bagay na galing sa Pransiya; ang kabihasnáng griyego ay nakapasok sa la-hát ng dako, ang mga tulá't mga salít niyá'y nagpalipat-lipat sa mga bibig, ang mga kaugalia't pilosopiya niyá'y tinularan at isinasagawá. Ang aghám ngá at ang kabihasnán na hanggáng sa mga araw na yaó'y naging pag-aari ng Silangan, sa pag-tulad sa katutubong takbó ng mga bun-talá, ay naging ng mga Kanluran, bagamán nang dumating na sa pusó ng daigdig ay tumigil na para bagang ibig magturó sa lahat ng mga bansá't mga lahi. Nang panahong yaón, ang Iberya, Galya, Ger-manyá, Bretanya at pati na ng Aprika ay nagpapadalá ng mga anak nilá sa lunsód, na siyáng tagpuan ng kapangyarihan, ng karunungan at ng kayamanan, upang ma-kita, hangaan at mapag-aralan nilá sa ma-luwáng na poók na nakukubkób ng mga pader ang tanáng nahaká ng isip ng tao hanggang sa panahóng iyón. Palabás na itinanghál sa lahat ng panahón ng sang-katauhan ang pagtungo nitó sa liwanag upáng ang lupa'y matanglawán. Ang san-hi nitó ay sapagká't kalakip ng kalikasán ng tao ang pagkahilig sa kaganapan, ga-ya ng kalakip ng pinakabuód ng mga ka-tawán ang kabigatan, gaya rin ng kala-kip ang diwá ng kaliwanagan sa pagkilala sa araw.

At habang tumatandá ang mga bayan ay nawawalán ng katás na nagpapalusog sa kanilá noóng unang panahón, at isini-silang namán ang ibáng bayang lalong ba-tá upáng maging tagapagmana niyaóng mahalagáng kayamananang natipon ng ma-laking angkán ng sangkatauhan at pina-

muhunanan ng panahón at mga pagpapakasakit.

Nabigô ang pagpapakawalâ ng Hilagâ ng mga sigwâ upang maghatid ng kamatayan sa masasayang lunsód ng Timog; waláng napalâ ang kamangmangán at kabuktutan sa pagtitirík ng watawat sa ibabaw ng libingan ng Romang panginoón ng daigdig; kung ang aghám ay tumakas na nasisindák, ang gayô'y upang magpapakas lamang sa pagkakaligpit sa mga klaustro at nang buhat dito'y muling makalabás na hindi nahuhutok at mabagsik, at inaakay ng kakristiyanuhan upang imulat ang mga matâ ng mga pulutóng ng mga taong waláng tuto na nagtangkang sumakâl sa kanyâ.

*Sina Hidalgo, Tavera, Rizal, at Luna sa estudio nitong huli sa Paris.*

*Mga Pilipinong nakasumpung ng saganang kaalaman sa ibang bansa.*



iba't ibang lahi ng tao, ang Linguiwistikang nauukol sa iba't ibang wikâ, ang Meteorolohiyang tumatalakay sa mga pangyayari sa papawirin, ang kasaysayan, ang mga hayop, ang mga halaman, ang Estadistika, Eskultura, Arkitektura at Pintura at iba pa; lahât ng nasasangkâp sa kaalamán ng tao ay dumaraan at nabubunyâg sa mga matâ ng manlalakbâ.

Sinumáng nakakakilala ng balât ng lupa, ng topograpiyâ ng isáng bansâ sa pamamagitan ng mga mapa at planong sinusuri sa loób ng isáng tanggapan ay magkakaroon ng isáng kaalamán, hindi ko sasabihing hindi, datapwâ't isáng kaalamang kawangis ng kaalamang maaaring makamit ng nakakikilala, sa pamamagitan

Sa gayô'y itinatâg ang mga paman-tasan. Maraming mga nangagsidayo buhat sa lahât ng dako upang pumasok sa mga paman-tasan, at ginawâ nilâ ang ginawâ ng mga griyego sa Ehipto, ng mga romano sa Gresiya, at ng buong sandaigdig sa Roma at Bisanisiyo. Sa lahât ng panahón at sa lahât ng mga kapanahunan ng kasaysayan, ang mga paglalakbâ ay siyang naging matibay na suhay ng kabihasnán, palibhasâ sa paglalakbâ lamang nahuhubog, naaaranan at namumulat ang puso't ang diwâ, sa dahilang sa paglalakbâ lamang nakikita at napag-aaralan ang lahât ng pagkakaunlad, ang mga karunungan gaya ng Heolohiyang nauukol sa anyô't pagkakabuô ng lupa, ang Heograpiyang naglalarawan ng iba't ibang panig ng lupa, ang Politikang natutungod sa pamamahala, ang Etnolohiyang nauukol sa

ng mga lathalaín ng mga pahayagan, ng mga ópera ni Meyerber o Rossini. Maaaring makitang nakaukit o nakalarawan ang buóng isáng lupain, at ang pagkakakilala ng naglarawan sa lupaing iyón ay maaaring napakaliwanag na naari niyang ilipat sa kayo ang isáng silahis ng araw ng lupaing iyón, ang kalamigán ng kanyang langit, ang kasariwaan ng kanyang mga parang, ang kamaharlikaan ng kanyang mga masaganang daloy ng tubig at mga bulubundukin, ang mga mamamayan at mga hayop at sampung paggalaw na kinikintal sa damo ng magaang na paghampas ng pakpak ng haging banayad at paláy-áláy — ang lahât nang itô'y pawang maisagagawâ ng pinsel ng isáng tagapaglarawan ng mga bansâ, gaya nina Claudio Lorena, Ruysdael, o Calame at maaaring higit pa sa riyán marahil, datapwâ't hindi maa-

ring agawin sa kalikasan at ilipat sa kayo  
siyóng buháy na pagkikintál sa alaala na  
yaóng lamang ang nakaanalán at maaaring  
magbigáy, yaóng paggaláw, yaóng buhay  
na nasusumpungán sa awit ng mga ibon at  
mga punungkahoy, sa halimuyak o ba-  
ngóng sarili ng pook, sa aywán ko ba kung  
anóng hindi maaaring maipaliwanag na  
nadaramá nguni't hindi natitiyák ng man-  
lalakbáy at tila gumigising ng mga mata-  
tandáng gunítá ng mga maalindóg na  
araw, mga kalungkutan, mga katuwang  
nagsiyao upang hindi na magbalik; isáng  
pag-ibig na nalimot, isáng larawang mi-  
nahál sa kanyáng kabataang pumanaw sa  
gitná ng ipu-ipo ng daigdig, mga nilikhang  
nagsiyao na, mga kakilala. . . aywán ko  
ba kung anó pa. Mga damdaming malu-  
lungkót na nililikhá ng anyó, pagmumuk-  
há o singáw ng bansá o kayá'y ng wani,  
nimpa o Diyós, gaya ng sinasabi ng ma-  
tatandá. Maaari ninyóng makita sa lara-  
wan na sinasalpók ng dagat, halimbawá,  
ang baybayin ng Italya nang isáng hapong  
sakdal gándá, kapag ginigintuán ng mga  
nakahahalinang silahis ng araw ang ma-  
puputing dampáng nakatayó sa mga ba-  
tóng nababalot ng mga luntia't kulay es-  
meraldang putong na mga bulaklak; ang  
tubig at buláng sumasalpók sa mga na-  
kukubling sinapupunan ng mga batóng  
malalaki, kaakibat ng nadaramang kato-  
tohanang kapanga-pangarap ng mga pook  
na yaón, kung maaaring gamitin ang ga-  
nitóng pangungusap; datapwá't hindi  
ninyó mapapansín at panghihinayangan  
ninyó ang kawalán ng halimuyak, ng bu-  
hay, ng galáw, ng kadakilaan; hindi ninyó  
mahahagap ang buóng panghalina ng mga  
itinangng bagay na yaón na ginawang  
walang kamatayan ng napakaraming na-  
katá, hindi ninyó malilibot ng tingin ang  
panooring yaóng nakatawa't matulain, ga-  
ya ng pagkakátanaw buhat sa isáng sa-  
sakyáng-dagat ng isáng taong magiliw na  
hinahagkán-hagkán ng simoy ng hanging  
nagpapaumbók sa mga layag, at nakaki-  
kitang napakarahang tumatalilis na wa-  
láng iniwan sa pagtallis ng mga pakpak  
ng panaginip sa noó ng sanggól, ng unáng  
katagá ng pag-ibig sa mga labi ng isáng  
birhen, ng magkakaayos na tunóg ng isáng  
malayong orkesta sa katahimikan ng ga-  
bí. Anóng mga simbuyó, anóng mga dam-  
daming totoong balabalaki ang sa bawa't  
hakbang ay tumitigatig sa pusó kapag  
naglalakbáy sa isáng bansáng banyaga't

di-kilalá. Doó'y bago ang lahát: mga ka-  
ugalian, wiká, pagmumukhá, gusali at  
maraming iba pa. . . lahát ay pawang ka-  
rapat-dapat matyagán at bulay-bulayin.

Katulad ng sinabing ang isáng tao'y  
dumarami habang dumarami ang mga  
wikang nalalaman at sinasalitá niyá, ga-  
yón din namán, ang buhay niyá'y lumala-  
wig at nababago habang dumarami ang  
iba't ibáng bansáng nadadalaw niyá. La-  
lo siyáng nabubuhay sa dahilang siyá'y  
nakakikita, nakáramdam, nagagalák at  
nakapag-aaral nang higit kaysá hindi na-  
kakita liban sa iyu't iyon ding mga pa-  
rang at iyu't iyon ding langit. Sa taong  
itó, ang mga araw ng kalahapon ay siyá  
ring mga araw ngayón at siyá ring ma-  
giging araw bukas, alalaong bara'y na-  
kakasiya ang kanyáng boóng buhay, ang  
boóng nakaraan, ang kasalukuyan at ang  
kanyang hinaharap marahil sa kauna-una-  
hang bukáng liwayway at sa kaunauna-  
hang dapit-hapon.

Anong pagbabago ang hindi nagagawá  
sa kaisipán ng isáng kauna-unahang uma-  
alis sa kanyáng lupang tinubuan, at nag-  
lilibót sa iba't ibang bayan. Malit na  
ibong dati-rati'y waláng ibáng nakikita  
maliban sa tuyóng kawad-kawaran ng  
kanyáng pugad, at ngayó'y nanonood ng  
mga tanawin, malalawak na dagat, mga  
talón ng tubig, mga ilog, mga bulubundu-  
kin at mga kagubatan at lahát ng maa-  
ring makapagbigáy-siglá sa isáng mapa-  
ngaraping gunamgunam. Naitutuwid ang  
kanyáng mga pasiyá't kaisipán; napapa-  
ram ang maraming pagkabagabag; napag-  
susuri sa malapit ang noóng una'y hinatu-  
lan nang hindi man lamang nakikita; na-  
susumpungán ang mga bagong bagay-  
bagay na pumupukaw ng mga bagong  
pagkukuró; kinamamanghaán ang tao da-  
hil sa kadakilaan nitó, gaya ng itó'y kina-  
hahabagán din dahil sa kanyáng kaabaán;  
ang dating buláq na pagkamakanyahin ay  
nahahalinhán ng pandaigdig at pangmag-  
kakapatid na pagpapahalagá sa lahát ng  
ibáng tao sa daigdig, at nawawakasan ang  
kanyáng pagiging alingawngaw lamang  
ng mga kuru-kuró ng iba at nagsisimulang  
magpahayag ng sariling palagáy, ng mga  
pasiyang napukaw at ng tuwira't sariling  
kaalaman. Ang pakikisalamuhá sa mga  
tao, ang kahinahunan at matinóng pagku-  
kuró sa lahát ng gawain, ang malalim na  
pagmumuni, isáng kaalamang nagbuhat sa

karanasan tungkol sa lahat ng sining at agham, na kung hindi man malalim at ganap, ay walá namang pagkapawi, at tiyak —naitó ang mga pakinabang na maaaring matamó sa paglalakbay ng isang diwang mapagmatyag at palaaral.

Maaaring ilarawan ng isang aklát ang mga mamamayan, ang kasaysayan, ang mga bantayog, ang mga gawá, ang relihiyón — lahat ng may kaugnayan sa isang bayan; ang kaalamán ng itó bagamát kapaki-pakinabang at sapat ay hindi nakasi-siyá sa mapaghinalang mambabasa na lagi nang naghahangád na siyá rin ang makakita sa mga bagay-bagay; at malno't madali ay nalilimutan ang mga kaalamán, palibhasa'y hindi natatanim sa alala, gaya ng sa isang taong nakapaglibót, nakakita, nakadamá at nakapagsuri, sapagká't ang mga itó'y nagi-iwan ng mga kaisipáng ikinikintál ng mga pangyayari sa isang paraang hindi mangyayaring makalimutan.

Ang mga makabagong bansá'y nakakikilala ng pakinabang na natatamó sa ganitóng uri ng pag-aaral at ang lahat ng hilig nilá'y nauuwi sa pagpaparami ng mga sangkâp ng pakikipagtalastasan.

Sa ganitóng kaparaaná'y naiuwi ng manlalakbay sa kanyang bayan ang mabubuting paggamit na nakita niyá sa ibá at tinatangkáng yaó'y gamiting tagláy ng mga kinakailangang pagbabago; ang ibá ay mga kayamana't mga kalakal na walá sa kanyang bayan; ito namán ay ang pananampalataya, ang mga *batás* at ang mga kaugalian; at yaóng isa pa ay ang mga kaugaliang panlipunan at ang mga naba-bagong pagsasaayos; at sa ganitó'y napapasok ang lahat ng ikabubuti ng lipunan, pananampalataya't politika. Maging tandá, samakatuwid, ng pagkakaunlad ng isang bayan ang mabuting kalagayan ng kanyang mga kagamitán sa pakikipagtalastasan at pangangalakal, gaya ng pagi-

ging tandá ng kalusugan ng tao ang mahinusay na pagtakbó ng dugó sa lahat ng ugát ng buóng katawán; sa dahilang kung waláng pagkakabigkis ay hindi maaaring magkaroon ni ng pagkakaisá ni ng lakás, at kung waláng lakás ni pagkakaisá'y hindi makararating kailamán sa kaganapan ni na sa pagkakaunlad.

Sa gayó'y nahuhulò ang pagsusumakit sa pagbubukás ng mga lansangan, mga tunel o daán sa ilalim ng lupa, mga landás; ang paggawá ng mga tuláy, sasakyang-dagat, tren at daang-bakal, at dahil sa tila ang lupa'y nagiging maliit pará sa gayón karaming pagkilos ay nilulusob patí ng himpapawid na hindi pa natatagaláng isang kahariáng sarili lamang ng mga ibon at mga ulap.

Dahil dito'y naglalakbay, nandarayuhan payao't dito ang lahat ng mga nilikha sa lupa, buhat sa kulisap na may pakpak na nagpapalipat-lipat sa mga bulaklak, sa mga halaman at sa mga pastulan hanggang sa daigdig, iyáng maliit na naglalakbay sa kalawakang waláng hangga, gaya ng langay-langayan kapag humahangap ng lalong mabubuting singaw, ng binhiing tinatangáy ng hangin, ng isdá sa mga di-kilalang kailaliman ng mga dagat, o kalyá'y ng taong tumutuklás at kumikilala ng malalawak niyang pag-aari.

Binuksán na ng Indiyá ang kanyang mga dakilang templo at ipinakikita ang mga diyus-diyusan niyang pagkálalaki, gaya ng Tsina, na nagbukás ng mga pintó ng kanyang mga kutá at ibinubunyág ang mga likhá at ani niyang pambihira't kahangahanga. Binubuksán ng Aprika at ng Polo ang malalawak niláng iláng at sa loób ng maikling panahó'y uupó silá sa piging ng pagkakaunlad, at ang mga pinagkaka-utangan nilá ng kaniláng pagkakasulong at kaligayaha'y siná Livingston, Stanley at Nordens Kjölo.

\*\*\*

...Hindi alintana ng mga mabababa ang pagkatao ang simulain, ang tanging tinitingnan nila ay ang mga kinalabasan. Buong ingat ninyong gawin ang isang krimen at kayo'y lalong hahangaan at mararagdagan pa ang inyong tagasunod kaysa kung ang ginawa ninyo'y mabuti nang may kuhinhinan at kakinian. —Rizal.

## SA MGA BULAKLAK SA HEIDELBERG\*

Jose Rizal

*Hayo kayó sa Bayan ko, bulaklak ng ibáng lupá,  
na tanim ng naglalakbay sa lupatng mapayapá,  
at sa kilim niyong langit na sa bughaw ay saganá  
tagapatá rin ng lahat niring pag-ibig at haka,  
hayo kayó at sabihing akong dito ay banyagá,  
pananalig ay kimkim pa sa Bayan kong minunudyá*

*Hayo kayó at sabihin, na pagbubukáng-liwayway,  
na una-unang nagbukás ng talulot ninyong mahál  
sa tabí ng ilog Neckar na labis sa kalamigán,  
ay nakita ninyo akong tahimik na nagninilay  
sa piling ng inyong punong sa tagsibol nabubuhay.*

*Ibalitá ninyo tulóy na paghihip ng amihang  
nagnanakaw ng pabangó ng inyo ring kagandahan,  
at awit ng pagmamahál ang sa inyo ay pang-alay,  
ako namán ay inyo ring pabulóng na kinaringgán  
ng awit ko sa pag-ibig sa sariling wiká namán.*

*Na kapág ang haring Araw, ang tugatog ng bundukín  
ng Koenigskul ay matyagáng ginigintó sa paningin,  
at ang kanyang mala-hingáng liwanag ay nagniningning,  
pinasisigla ang nayon, ang gubat at ang kaingin,  
ako namá'y nagpupugay sa araw na bagong dating,  
sa ngalan ng araw roóng sa Bayan ko'y maningning din.*

*Iulat din ninyo sana nang kayó'y aking pinupol  
sa tabí ng mga landás ng kastilyong naparool;  
sa pasigan niyong Neckar o sa gubat na naroon,  
at isulit naman ninyo yaóng aking ibinulóng  
sa inyo nang buong ingat, nang sa lumang mga dahon  
ng aklat ko, kayó'y aking magiliw na kinukuyóm.*

*Dalhin ninyo, dalhin ninyo, mayuming mga bulaklak,  
pag-ibig sa pag-ibig kong sa inyo ay nagtátapat;  
kapayapaan sa bayan at sa bukid na mabulas,  
pananalig sa lalakít sa babai'y pagkawagás,  
kalusugán sa lahat nang sa tahana'y nalalagak  
na tinipo't pinagsama ng magulang, sa pagliyang.*

*Kung kayó ay dumating na sa aming dalampasigan,  
ang halik kong nasa inyo'y doón namán ninyo iwan  
sa mga pakpak ng hangin, na kaniláng kasuyuan,  
upang siyá ang humalik sa lahat kong minamahal.*

*Datapwat! ay! lahat kayó'y sabáy-sabáy na darating,  
at ang inyong mga kulay ay taglay pa't inyong kimkim,  
nguni't kung kayó'y malayo sa inyong lupang giniliw,  
na pinagkakautangan ng buhay na inyong angkin,  
pati inyong kabanguha'y sapilitáng walá na rin  
pagka't iyá'y kaluluwáng langit ay di lilisanin,  
na ang ilaw ay nakita noong siya ay isupling  
at hindi na malilimot ang akibat na luningning.*

Heidelberg, Abril 22, 1886.

\* (Salin sa Tagalog ni Vicente de Jesus, JRNCC.)

# D A P I T A N

Jose Rizal

(Tinagalog ng Pangkat ng Wikang Pambansa ng JRNCC.)

Lahat ng may kaunting kahiliyan ay nararapat magbitiw, sa pagbasa ng pamagat nito, ng isang "Siyanga!" Datapwa't isang siyangâ! ng pagkalugod, ng kaligayahan, ng kasiyahan, na para bagang nagpapagunita ng isang tanawing buhat sa kanyang kabataan ay kilala na niya, sa dahilang ang Dapitan, walang paghahanibog, ay siyang bayang lalong karapatdapat makilala sa buong daigdig, pati na ng Roma at Paris, anupa't yaong nagmamaang-maangan o nagkukunwang hangal sa unang pagkarinig sa kanya, kung di man kagyat na mapakindat ay makapagbubulalas, sa hawig na makahulugan, ng "oh, oh, Dapitan, siyangâ!"

Gaya ng alam na ng lahat, ang Dapitan ay siyang pangulong bayan ng isang pamanuáng politiko-militar, na binubuo ng maraming bayan at mga nayong karapatdapat din sa walang hanggang kabantugan at karangalang pandaigdig, na nangkikilala sa mga pangalang Dipulog, Ilaya, Libay, Libungan, Lindangan, at iba pa.

Nalalagay siya sa isang kaakit-akit na sinapupunang nakaharap sa Kanluran, sa isang uri ng pulong tila sadyang ginawa para sa kanya, upang ibukod sa karaniwang daigdig; na isang kalugod-lugod na ilog na sa bagay na ito'y nayag na mahati sa dalawa, upang siya'y mapaligiran ng kanyang dalawang bisig na pinilakan at sa karagata'y bilang isang pinakamagandang alay na matatausan sa maligoy at mapanganib na paglibot sa mga bundok at mga kapatagan, sa mga gubat at mga bukirin. Ang pinakaulo ng kabayanan, gaya ng pangkaraniwang sabi nila, ay isang simbahang malaki, nguni't napakalaki, at buhat sa dalawang tagilira'y nalalatag na pahalang ang dalawang pulutong ng mga maliliit na bahay na kung

malasin buhat sa bundok na nagkukubli sa kanyang dakong likuran ay nagiging parang maliliit na elitro ng isang dambuhalang kulisap na sumasakmal sa luntiang kapatagan sa tabi ng dagat. Ang dalawang elitro o pakpak na ito ay tinatawag na Banono ang isa, at Banting ang ikalawa, at gaya ng katawang kinasasangkapan nila, alalaong baga'y ang simbahang-kulisap at ang iba pang nalalabi ay karapatdapat sa isang tanging paglalarawan. Datapwa't iyo'y lalaktawan muna namin at magkakasiya kanil sa pagsasabing ang Banting ay siyang kanan at ang Banono ay siyang kaliwa, at tulad sa mga kapulungang Bayan at Batasang-Bayan, ang dalawang iyon ay kumakatawan sa mga tao't mga pagtitipong magkaiba at hanggang sa magkasalungat at magkalaban sa mga palagay, kaisipan, damdamin, at adhikain. Sa tapat ng kulisap na ito, katulad ng damong sagad ang pagkakaputol, ay naroroon ang liwasang sa tabi'y nakatayo ang tatlong gusaling nararapat tawaging mga palasyo — ang gusaling Pampamahalaan, ang sa mga kawal at ang sa kapitan ng mga kuwadriyerong naging bantog sa maraming bagay, gaya ng mamamalas sa dakong huli — at ang malawak na kapatagang umaabot hanggang sa mahalo sa buhangin ng dagat.

Maraming bagay ang ikinabantog ng Dapitan: ang mga pulang balabal niyang niyari sa bulak at naguguhitan ng iba't ibang kulay, na paghanapin man sa lahat ng dako'y hindi matatagpuan kahit na sa mga habihang walang hinahabi kundi bahay ng gagamba, kung mamamalas silang patay sa antok at nangakatalungkong walong kibo sa mga silong ng bahay. Ang mga balabal na ito ang siyang masasabing halos tanging industriya nila — pa-

libhasa'y isa sa mga dahilan ng kabantugan ng Dapitan ay ang kawalan ng anumang industriya — maliban sa kabantugang tinataglay nila; masinsin, matibay, at mabuti ang pagkakalahabi, at karaniwang minamana ng mga anak sa mga magulang nila, at maaaring makamit lamang ng mga dayuhan bilang tanging handog o kapalit ng maraming pagpapakasakit. Bantog ang Dapitan sa kanyang mga magiliwing bahay na pawid, may mga bubong na binurdahan, na sa pamamagitan ng mga butas ng engkaje ay tinatamasa ang lahat ng kaginhawahang dulot ng panahon, ng bughaw na langit, ng sikat ng araw, ng ulan, ng patak ng hamog na parang nasa-gitna ng parang, maliban ang amoy na malansá



na nagpapagunila ng mga dalampasigan ng dagat; at sinasabi naming magigiliwing bahay, sa dahilang walang katatagang katulad ng ibang mga bahay; may nangakahilig sa lansangan na parang magiliw na bumabati sa nag-iisang naglalakad, o kaya'y nakahilig sa likod na parang nagsasabing ah! naririto ka pala, o kaya'y nakahilig sa katabing bahay na parang nakikipagsalaysayan ng mga lihim o nakikipagpalitan ng mga maseselang bagay sa saliw ng mahinang bulong ng mga puno ng niyog. Ang mga daang nalalatangang ng alpombrang luntian, na paliku-likong parang ahas sa pagitan ng mga naggugubat na amorsiko ng landas na makipot na ginagamit na daan ng mga naghali-haliling mga payat niyang naninirahan ay sapat na upang gawin ang Dapitan na isang bayang walang kamatayan, kung ang bantog niyang simbahan at lalo na ang bantog niyang sabungang itinayo sa lilim ng mga

puno ng niyog ay hindi makapagkalat ng kabantugan ng bayan hanggang sa kahuli-hulihang hangganan ng daigdig na kilala. Ang sabungang ito'y kaunti nang makasira sa bantog na palagay ni Newton at sa buong aral tungkol sa "gravitación". Isipin ng bumabasa kung ano ang nangyari disin kung sa halip na isang mansanas ang lumagpak sa ulo ng dakilang matematikong ingles na ito, ay isang buong niyog ang lumagpak gaya ng nangyari sa isang tahir sa bantog na sabungangan, na karaka-rakang yumao upang makipagsabong kay San Pedro sa kabilang buhay, kung ang mga sinasampalatayan natin tungkol sa relihiyon ay hindi nagsisiningaling, gaya ng hindi maaaring magsiningaling — ano kaya ang nangyari sa palagay ni Newton?

Sa Dapitan ang lahat ng bagay ay bantog buhat sa misiyonerong nangangasiwaraon, isang dakilang koronel na karlista, hanggang sa baliw na gumagala sa mga daan na may dalang isang sangang buklak, nakikipag-usap at bumabati sa lahat sa wikang kastila at tumitigil sa harap ng palasyo ng gobernador upang ito'y pag-ukulan ng isang talumpati, at nagtirik ng sangang sa lupa bilang tanda ng paggalang; ang lahat ay bantog, ang gobernador, na may kabantugan sa pagkababal sa mga manong, ang misyonerong may kabantugan sa pagka-gobernador, ang guro, ang manggagamot, ang tagapagbakuwang nakatutuklas ng kakatuwang mga sakit, ang gubernadorsilyo na nagkakasakit dahil sa ibig gumaling sa pamamagitan ng pagsayaw sa harap ni Santiago, ang tininti mayor, na siyang pinakamaliit na tininti sa lahat, sapagka't walang anumang ari-arian, wala kahit makain, samantalang ang Insik ay mayroon ng lahat; ang lahat, ang lahat ay pawang nababantog, lahat ay pawang kabantugang karapat-dapat sa isang bukod na kabanata, kasama ang mga paghanga, pagtawag, pagsasaysay at mga tuldok na pambitin.

Datapwa't hindi ko pa natatalakay ang ikinapatangi ng bayan, ng isang katingiang ikinahihigit niya sa Roma, sa Paris, Vienna, Londres, Madrid, Berlin at sa lahat ng mga pangulong bayan ng luma't bagong daigdig, ng lahat ng mga kabihasnang nakaraan, kasalukuyan at hinaharap: ang tinutukoy ko'y ang dakilang

kalinisang pinamumuhayan ng lahat ng tao roon, pati na ng mga halaman.

Sa Dapitan, ang bulaklak ay hindi bumubulog ng mga pag-ibig sa pandinig ng ibang bulaklak, sa dahilang doo'y walang bulaklak halos; ang ibon ay walang awit, ang mga daan ay walang tao, at sa mga bahay ay hindi umuugong ang tawanan kundi ang naririnig lamang ay ang pagdarasal ng rosaryo, na nakababagot, mapanglaw, pampatulog sa gabi hanggang sa umaga. Walang naririnig na mga harana o serenata, ni mga awit ng pag-ibig, ang binata'y hindi nananabik sa dalaga, at ang mga bahay na sinimulang itayo ay nangabubulok sapagka't hindi nakakaangpang ng pag-ibig, hindi natutuloy ang lahat ng binabalak na pag-aasawa. Ang karaniwang sambitlaing kalinisan ng Dapitan ay laganap sa ibang nilikha. Walang bulung-bulungan laban sa mga misyonero, kahit na sa kumbentong puno ng mga beatang kanugnog ng simbahan; laban sa gobernador na walang asawa, na gaya ng sinabi na namin ay may kabantugan sa pagiging banal sa mga babae, isang gobernador na nakipagbaka sa mga maluwalhating digmaan at nababalot ng mga sugat sa mga sagsapaan at labananang may iba't ibang uri. Ano pa? Ang lahat ng tao rito'y nangangarat at nakapagtuturo ng kalinisan. Ginawa ng misyonero na maging itim na itim ang kanyang toro na isang hayop na malaki, katulad ng sotana ng panginoon niya, na siyang mapagtiis na sagisag ng kalinisan; pinipili ng toro ang damo sa liwasan kaysa marikit na bakang babaing katabi, na sa kanya'y masunurin at natatakot na lumapit; ang gobernador, sa ganang kanya, sa pagsunod sa halimbawa ng misyonero ay nag-atas ng banal na pagpipigil sa lahat ng utusan niyang nakakaalaalag pamin-san-minsan na sila'y mga binata, hindi nagpapahintulot sa palasyo ng pagpaparoon ng sinumang babae, at dahil dito, ni ang mga inahin niya'y hindi nangingitlog, ni hindi dumarami ang bilang ng mga taong pinipilit niyang gumawa nang walang bayad, at kapag gumagala sa mga daan ang aso niyang lalaki, na isang asong malaking galing sa Luson, ay sinasalubong ng mga asong babae, at sa halip na amu-amuin at amuyan, ay tinatahula't kinakagat pang nagngangalit, at buong lupit na para bagang may ikaanim na utos din ng Diyos

sa mga aso, at parang may isinasaad sa isang Bibliya sa ilalim ng hapag, na ang angkan ng mga aso ay naging sawimpalad dahil sa isang butong ipinagbawal na kaniin nila sa paraiso ng mga ninuno nila. Datapwa't kami'y may palagay na tungkol sa mga aso, ang mga ito'y gumagaya lamang sa kanilang panginoon: kung ano ang aso ay gayon din ang panginoon — ang sinasabi ng kasabihan at lubos naman akong naniniwala sa mga salawikain, at dahil dito'y dinaramdam kong labis na ang ebanghelyo'y hindi sinulat sa anyong makasalawikain, upang sa ganito'y wala sanang di-binyagan at di-sumasampalataya, at tayong lahat ay lalong mauiniwala sa kanya at lalong malaki ang maiiwan sa atin. Sinabi kong ang mga aso'y nagsisiparis sa kanilang panginoon: sa Dapitan ang mga babae'y umiiwas nang limang dipa sa landas at nagsisiksik sa mga damo kapag nakakabanaag sa malayo ng isang lalaki; at dahil sa kahihayan ay hindi nagsisitahol ni nangangagat, gaya ng matapat na babaing may apat na paa. Sa wakas, kung tungkol sa pag-ibig ay wala sa Dapitan kundi mga tuyong pag-ibig lamang (amursiko o amor seco).

Maraming pantas na dayuhan at mga tagarito, pati ng mga pilosopo, ang nag-nasang makatuklas ng dahilan ng gayong pangyayari. Ibinubuhat iyon ng ilan sa singaw ng panahon, na doo'y malamig at banayad; sa lupang buhanginan naman iniuukol ng iba; sa mga niyog ng ilan, at hindi kinulang ng nag-ukol niyon sa sayaw na moro-moro, na sinasayaw ng lahat buhat sa Santong Pintakasing si Poong Santiago hanggang sa kahuli-huhilang pamunuan ng paaralan. Para sa akin, palibhasa ako'y maramdamin, ay iniuukol ko iyon sa kalungkutan naghahari sa bayan, sa kalungkutan ng mga daan, na hindi kinamamasdan ng sinumang naglalaro kahit na ng mga bata, bagay na ipinagiging isang malaking klaustro ng kumbento sa oras na ang mga prayle'y nagpapahinga pagkatapos ng tanghalian; at kung ako'y pipilitin ay manghahawak ako sa uldog na rin sa kumbento na ang katangkaran niya'y nararapat na makabulahaw sa pag-ibig gaya ng pagkabulabog sa mga maya ng mga tau-tauhan.

Mga marurunong na pilosopo at mga arkeologo ang nagkaroon ng malaking hangad dahil sa kabantugan ng Dapitan, na

makatalos ng katandaan ng bayang ito; may palagay si Blockhead na ito'y itinatag ng mga Penisio; si Naserveis, na nanghahawak sa mga patotoo nina Niemand at Lugenzung, ay may palagay na ang Dapitan ay isang matandang lunsod ng mga Kartago sa ibabaw ng mga labi ng bayang sakop ng mga Griyego; sa kabilang dako, si doktor Stultus, na sumasang-ayon sa bantog na etnógrapóng si Asinelli, ay naninindigan sa pangahas na palagay na ang Dapitan ay isang dating bayang sakop ng Caldea, palagay na makatuwirang sinasalansang ng pantas na si Doktor Vander Niesen, na walang maapuhap na bagay na masasabing Kaldee sa pook na wala man lamang apog na inhahalo sa itsong nginanganga. Ang ating mga pantas na kastila at taca-kapuluan, sa pagkakamalas ng pagkakaiba-iba ng mga palagay ng mga taga-ibang bayan ay gumamit ng ibang paraan at sinuri nila ang salitang Dapitan. Iba't iba at marami ang isang salitang pinanggalingan at ang mga salitang pinaghati-hati ng mamama hayag na si Desbarrados. Ang salitang lalong tila tutoo ay hinukay sa sumusunod na alamat. Nang si Magallanes ay dumaan sa Mindanaw, ang mga naninirahan sa pulo ay nangagsiakyat sa sasakyang dagat upang magbili sa mga dayuhan ng mga paninda nila at bumili naman ng mga nanggaling sa Europa. Ang mga indio ay may dalang mga pisong mehikano at sa kabilang dako'y nagbibigay ang mga kastila ng mga kasulatan ng pagkakautang para sa lahat ng bagay at hindi sila makatapos sa pagwawasto niyaon. Ang ilan ay nagsasabing ipinagbabawal

ang mga salaping mehikano at ang iba naman ay walang selyong tiglimang pera ang mga kasulatan ng pagkakautang. Sa ganito'y nagsimulang sumipol ang bapor — Dad, dad, que pitan, (Ibigay, ibigay at sumisipol na) ang sabi nila. Pagkalipas ng apatnapung taon, nang magdaan si Legaspi sa mga pook ding iyon, ay ninasa niyang itanong sa mga taga-pulo kung ano ang ngalan ng bayan, at ang mga indio, sa pagkakagunita ng isinaysay sa kanila ng kanilang mga magulang, ay nangagtakbuhan sumisigaw ng *dadquepitan!* at dahil dito'y tinawag ni Pari Urdaneta ang lupaing iyon ng *Dakepitan*: pagkatapos ng ilang panahon ay naging Dapitan, na nang huli'y naging Dapitan na nga, dahil sa kahirapan ng pagbigkas. Sa palagay ni Ginoong Desbarrados ay nababatay ito sa patutoo ng mga talaan at mga sulat-kamay na lubhang napakatatanda kaya't nangawala na, datapwa't ang mga pag-aaral na ginawa sa Real Archivo de las Indias sa Sevilla ay tila nangangako ng lalong maraming ulat at marahil ay makapagbibigay sa atin ng pangalan ng bapor na sinakyan ni Magallanes, ngalang hindi matuklasan ni Navarrete sa likod ng mga pagsisikap na ginawa at ikinawala ng pag-asa nang di lamang minsan ni Ginoong Cesareo Fernandez Duro.

Ito ang nalalaman tungkol sa Dapitan. bayan ng kalinisan, bayang tahimik, bayang malungkot, bayang ang lahat ay pangwang bantog, tangi sa isang saliwang palad na itinapon, na dumating sa kanya buhat sa isang dulo ng daigdig, buhat sa isang mahulaklak na pulo ng Amerika.

— oOo —

*Tinatawag ba ninyong pananampalataya itong mga panglalakal ng mga sintas at mga kalmen, katotohanan itong mga milagro at kahangahang kuwentong narinig natin araw-araw? — Rizal.*

Pilak na Panulat  
na gantimpalang ti-  
nangkang ni Rizal  
sa kanyang tulang  
*A La Juventud Fili-  
pina*.



## ANG AKING KINALIGPITAN

JOSE RIZAL

Sa tabi ng isang pasigang maluwan-  
na may mala-gabok na kabuhanginan,  
sa pad ng bundok na nababalutan  
ng isang tahukbong na kulay-luntian,  
doon itinayô ang kubo kong hirang,  
nang upang sa gubat sana'y matagpuan  
sa lilim ng madlang mga kakahuyan,  
ang hinahanap ko na kapayapaan  
nirang aking diwa't nang mapipi naman  
ang mga sâkit kong walang katapusan.

Pawid na marupok ang kaniyang atip,  
yari sa kawayang mahina ang sahig,  
ang mga tahila't haliging ginamit  
ay kahoy na pawang hindi nakikinis,  
kaya nga ba't walang halagang masambit  
yaong aking kubong bagay lang sa bukid;  
nguni't sa kandungan na walang ligalig  
ng gayong bundukin siya natidlip,  
saka araw-gabi'y sa kanya ang awit  
niyong karagatang doon ay malapit.

Isang munting daloy na mula sa gubat  
at sa kabatuhan ang daa'y banayad  
ang siyang sa kanya ay buong pagliyang  
na nagpapaligô nang di naglilikit;  
saka isang talon ng tubig na wagas,  
ng isang alulod na kawayang diyak,  
ang kung gumabi na't takimik ang lahat,  
ay himig-kundiman ang kanyang lagaslas,  
gayundin, kung araw na sagad ang taas,  
nag-aanyong nektar na lubhang makintab.

At kung payapa na ang anyo ng langit,  
ang daloy man nama'y banayad ang tangis  
sa kanyang kudyaping sa tandaw ay lingid;

datapwa't pagdating ng ulang mabilis,  
ang agos ng bukal ay humahagibis;  
kabatruha't bangin, kapataga't libis,  
ay nihuluksuhang parang nagngangalit,  
saka umaangil, malat at mainit,  
na pagulung-gulong sa pamimiyapis,  
na ang tungo'y dagat sa baliw na nais.

Ang kahol ng aso at huni ng ibon,  
ang bahâw na tinig ng kalaw sa kanlong  
siyang tangi lamang naririnig doon;  
kaya walang taong palalo at buhông,  
walang kapit-bahay na abalang-pulong  
sa aking isipan: ang landas ko'y tuloy,  
at walang abalang dapat ikawtol  
ang takbo ng isip saanman paroon;  
gubat lang ang aking palaging katukol,  
at saka ang dagat na nag-uumugong.

Ang dagat ay lahat! Ang kanyang  
kalakha'y  
siyang naghahatid sa akin ng taglay  
na munting butil ng malayong bayan;  
ang kaniyang ngiti'y nagbibigay naman  
sa akin ng sigla't pagbabagong-buhay;  
pagdarapit-hapong tila alinlangan  
ang pananalig kong wari'y kabiguan,  
sa kanya'y ninita ng kaligayahan,  
at pati ng kanyang mga kalungkutan,  
sa puso ko'y mayrong isang alingawngaw.

Kung gabi ay isang hircagang malalim!  
ang kanyang malinaw na anyo sa tingin  
ay nalulukuban ng libong luningning;  
malamig ang simoy ng pagalang hangin  
at ang kalangitan nama'y nagniningning,

pati mga alon ay may mga lihim  
na buntong-hiningang sa hangin mahin-  
hin  
isinisivalat ang mga saysaying  
dagling napaparam sa tuping masinsin  
ng mga panahong sinila ng dilim.

Mayrong nagsasabing ang unang liwa-  
nag,  
halik ng umagang lupa ang tumanggap,  
noong libu-libong nalalang at sukat,  
na mula sa wala't di abot ng hagap  
ay nagsipamayon sa bangin at gubat,  
pati sa tugatog na sakdal ng taas  
ng mga bunduki'y doon nagsiakayat,  
at kahit na saang malayang kumalat,  
ay doon humalik na ang kaakibat  
ay kapangyarihan sa pagpapamlad.

Nguni't kung ang gabi ay lubhang ma-  
sungit  
at ang hangin nama'y parang nagnganga-  
lit,  
at ang mga alo'y lalong bumabagsik,  
ay maraming tinig ang nangaririnig,  
tinig na may asal, may daing at sakit,  
pinagbuhol manding tinig ng hinaggis  
ang mula sa dagat ay inihahagis  
ng mga natunod at doo'y naamis  
naang isang panahon na kahapis-hapis  
sa mga lumubog na di na babalik.

Kung magkagayon na, mula sa itaas  
ng mga bunduki'y magulo ang lahat:  
mga punong kahoy ay pumapagaspas,  
nangagsisiungol ang hayop sa gubat,  
may mga halinghing na nakagugulat,  
ang kanilang diwa'y parang namamalas,  
at ang sinasabi, sila'y tumatakas  
na ang tungo nila'y sa may dakong labas,  
sa lawag ng mga bangkay na natuklas  
na pagsasaluhan bago mangaagnas.

Sumisipol, sumisipol ang gabing naka-  
tatakot,  
may luntian at may bughaw na lagablab  
na nunalpot  
sa laot ng karagatan, nguni't dagling  
nataapos  
pangngiti ng bagong araw, samantalang  
naglalagos  
ang lunday sa mga along tila pagód na  
ring pagód.

Sa ganito lumilipas ang maraning  
mga araw  
sa gaya kong itinapon sa hindi ko sadyang  
bayan,  
gayon pa ma'y hanga ako sa ganitong  
kapalaran;

nunting batong binayaang lumot lang  
ang hinihintay,  
upang ilihim sa nadla ang sariling  
kayamanan.

Nabubuhay ako ngayon sa alala ng  
inibig  
at ang ugalan niya'y aking minsan-min-  
sang naririnig;  
may patay na't may sa timot naman ako  
initiblib,  
nguni't hindi kailangan, buhay akong  
umiisip  
sa nagdaa't ang nagdaa'y di sa akin  
mapapaknít.

Siya'y aking kaibigang kailanma'y na-  
ging tapat,  
siya ang sa kaluluwa ko'y nagbibigay-  
sigla't ningas,  
kung makitang nalulungkot, kasama kong  
nagpupuyát,  
sa ganitong pagkatapon, sa kubo ko'y  
kaakibat;  
pinapananalig ako kung alinlangan ang  
lahat.

At ako'y may pananalig, kaya hintay  
ko ang araw  
na ang Diwa'y mananalo sa bangis ng  
kalakasan;  
na pagkaraan ng digma't ng hingalong  
dahan-dahan,  
ay may tinig na higit pa sa tinig kong  
tinataglay,  
na siya na ring arawit ng arawitin ng  
tagumpay!

Nakikita ko ang langit na makinang at  
malinis,  
na gaya ng aking unang magagandang  
panaginip,  
ang init ng dating bulong sa noo ko'y  
humahalik,  
ang dati ring nag-aapoy sa sigla ko'y  
nag-iinit,  
at siyang nagpapakulo sa dugo ng pusong  
paslit.

Nasasagap ko ang hangin na marahil ay  
nagnuda  
sa bukirin at sa ilog ng bayan kong  
minumutya,  
baka naman ibalik din ang lihim kong  
isinanta,  
buntong-hininga at halik ng minahal kong  
diwata,  
ang matimyas na tapatan ng pag-ibig  
namin kapwa.

Kung mamasdan ko ang buwang sing-  
kinang din noong una,  
ang dati kong kahuhgkuta'y nagbabalik  
nanan tila,  
ginigising ang ginixita ng pag-ibig na  
nawna,  
ung pampangin, ang kahuyan, ang baku-  
ra't asotea,  
mga biglang di-pagkibo, agaw-hiya ng  
pagsinta.

Paruparong nauuhaw sa lisanag at sa  
kulay,  
na ang ibang mga langit ang palaging  
panaginipan,  
ako noon ay bata pa nang lisanin ko ang  
bayan,  
at saanma'y palagalang wala man lang  
alinlangan,  
nagugol sa ibang lupa ang buo kong  
kabataan.

Nang nasain kong bumalik, langay-  
langayang pagod na,  
sa pugad ng magulang ko't ng inuwan  
kong pagsinta  
ay biglaang hinabagat ang puso ko't  
katuluwa:  
mga pakpak ko'y nabali, ang tahana'y  
nagiba pa,  
itinugpa ang panalig, mga guho ang  
natira.

..Natapon sa kabatuhan ng bayan kong  
minimutya  
nawasak na ang daratnin, at tahanan  
man ay wala.

kayo ngayo'y bumabalik, ginto't rosas na  
adhika,  
na siya kong tanging-tanging yamang  
hind: nusasanta,  
dalisay na pananalig ng tapat at murang  
diwa.

Di na kayo yaong unang malagablab at  
may buhay,  
na sa aki'y nagpuputong ng biyayang wa-  
lang hanggan,  
kayo ngayo'y maligdong na, nguni't ka-  
yong aking mahal,  
kung hindi man ngumingiti't maputla ang  
inyong kulay.  
dala-dala namang angkin ang tatak ng  
katapatan.

Inaalok ninyo ako ng saro ng bagong  
aliw,  
at ang aking kabataa'y nais ninyong pa-  
balikin;  
salamat sa iyo, unos, tagalangit manding  
hangin,  
at pinutol sa panahon ang lipad kong pa-  
rang baliw,  
upang ako ay lumagpak sa bayan kong  
ginigilito.

Sa tabi ng isang pasigang maluwang  
na may mala-gabok na kabuhanginan,  
sa paa ng bundok na nababakutan  
ng isang talukbong na kulay-luntian,  
himpilang sarili'y aking natagpuan  
doon sa mayabong niyang kakahuyan;  
sa kanyang malilim namang kagubata'y  
ang lubhang panatag na katahimikan,  
pahingahan na rin ng aking isipan,  
at pananahimik ng sakit kong taglay.

(Salin sa Tagalog ni Vicente de Jesus, JRNCC.)

Ipakita ninyo sa amin ang paaralan ng bayan at  
sasabihin namin sa inyo ang uri ng mamamayan. —Rizal

# English

## DR. JOSE RIZAL TODAY

MAGDALENA B. BAUTISTA

TODAY, JUNE 19, 1961, we look back through the perspective of a hundred years. A century after the birth of Dr. Jose Rizal, we realize that no one can add to nor subtract aught from the luster of his name — he is great from eternity to eternity!

One in a billion, Rizal became a hero and a martyr for his utterances, writings, and acts, which exposed to the light the masterful misrule of the tyrants of his day.

Indeed, we revere his memory for his very words, works, writings, and acts, that have come down to us as priceless legacies to our people, that have lent dignity and respectability to the then brutalized and abused Filipino people, and have ultimately earned for them their redemption. Take away all these, or rather let Rizal recant, and he is no better than any common felon deserving the gallows... But because all his utterances, writings, and deeds stay put, he was and ever will be that luminous figure towering the human race — a martyr to liberty!

Yes, his powerful executioners triumphed for a season. But a few years after, — nay, the moment his life was snuffed out, those responsible for his death became a curse to humanity. They went down into the dust as among the vilest scoundrels and villains in history. Such is Divine Justice! Let us not err, therefore, in executing Rizal for the second time, lest we meet the same fate as theirs.

Sad to say — many individuals, organizations, and institutions in these Islands now vie with one another in rendering lip service to Dr. Jose Rizal. Lip service does not guarantee the true color or sentiment for Rizal and his people. Lip service is a high quality showmanship and ostentation to gain 'honor' for the actor himself, even to cash in on the fame of our hero!

One thing is sure: those who still despise his writings, those who want his ideas to remain hidden in sealed books and moth-eaten manuscripts, those who would not have them read by the uninformed and misinformed Filipinos, young or old, are the real enemies of Rizal and the country.

Let us beware!

*While Rizal was sojourning in Heidelberg, this famous university held its fifth centenary.*



Heidelberg University

## BISHOP GUERRERO

(Editorial, The Daily Mirror, March 28, 1961)

The late Bishop Cesar Ma. Guerrero is mourned not only by his former diocese but by all those of our people who know his love of country and his nationalist ideals. Monsignor Guerrero, who was a youngster\* when Gomez, Burgos and Zamora suffered martyrdom, spent his youth amidst the stirrings of Filipino nationalism. Rizal, Del Pilar, and Mabini were to him not just names from a history book but living men whose examples ought to be emulated.

Bishop Guerrero's pride in his nationality, his integrity and patriotism, were so deep that he allowed no other consideration to interfere in his decisions when he felt that these were at stake. Thus, in 1957, when the then Papal Nuncio circulated a pastoral letter in the name of the Roman Catholic hierarchy against the "Noli-Fili" bill, Bishop Guerrero virtually disowned the circular by refusing to sign it. This was the "misunderstanding" which subsequently led to his resignation from the San Fernando, Pampanga, diocese.

The last years of his life, spent at the Hospicio de San Jose, were years of meditation and study. No doubt the good Bishop had many occasions to ponder the history of the country, which his lifetime had spanned over three generations. If so, then the resurgence of Filipino nationalism must have been one of the things that gladdened his life in retirement.

\* The late Bishop Guerrero was not yet a youngster in 1872, the year when the three martyr-priests were executed. ---Editors.

## QUEZON'S MESSAGE TO STUDENTS

*(Read by Prof. Vicente Lontok to the U. P. students at the U. P. convocation on June 19, 1934. The Tribune, June 20, 1934.)*

Due to a temporary recurrence of my painful illness, I am forced, much to my disappointment, to forego the genuine pleasure of appearing personally to address you. Permit me, therefore, my young friends, to send you my message in writing, in the hope that on this birthday of our national hero, I may help direct your thoughts to the life and ideals of Rizal.

If we study Rizal's student days we feel once more the peculiar force, the striking truth of one thing which should always be remembered by all students; that one's tendencies and inclinations as well as one's mental outlook while in college determine to a very great extent what one is going to be after leaving the halls of his Alma Mater. As you all know, Rizal as a student took his studies seriously. Every act or word of his in school and college breathed a high purpose and strong resolve. While he eagerly acquired a knowledge and culture that his books imparted to him, yet at the same time, he did not stop there; his vision went beyond, far beyond the covers of his textbooks. His heart and his soul went out in throbbing sympathy to the heart and soul of his people. He realized all too clearly that for the tasks that awaited him, it was not sufficient to be merely learned in books; it was also essential that he should rise to the full moral stature of a man, for the times then demanded, as they now demand, the hardy temper and the undaunted fortitude of well-rounded manhood.

Not only this, but Rizal was also, since his student days, stirred by a love of

country which permeated all his plans and aspirations in life. He observed every aspect of Filipino life, with a view to doing his share in lifting and enriching it. It is this faculty of keen observation which enabled him to write so beautifully and so convincingly about social conditions. His patriotism so early manifested in his student years, also led him to shape the course of his future life in such a way that he consecrated himself entirely to his people's good, not caring for a private lucrative career. And above all, Rizal was free from all sentiments of partisanship. In dealing with the social problems of the country, his keen judgment penetrated right into the heart of every question, without the obstacles of bias or prejudice. Such, indeed, is the manner in which every one can best serve his country. And it is my devout wish that our young men and young women should keep Rizal's example of open-mindedness and love of truth ever fresh in their minds. The law of renovation is eternal; so in due time, you students of this university and other universities must take the places which we of the older generation now occupy. Be very sure, then, that when that time comes, you will offer to our beloved country, not the worn-out prejudices of your elders, but fresh young ideas and ideals that will infuse new life and new vigor to the nation. Tragic indeed is the life of any whose successive generations fight the same battles and repeat the same slogan. Such a nation must necessarily face decay and ultimate death. It is the duty, then, of every new generation to free itself from inveterate partisan or factional prejudices, so that their offering at the altar of our country will be worthy of their highest ideals. . . .

## ANNUAL REPORT OF THE Jose Rizal National Centennial Commission

For the Period from January 1 to December 31, 1960

### *The Commission*

